Tomo XXXV Blg 3

Setyembre- Oktubre 2010

Matanglawin

Opisyal na Pahayagang Pangmag-aaral ng Pamantasang Ateneo de Manila



NASA PAG-ALALA ANG PAGLAYA

Mag-iisang taon na mula nang naganap ang pinakamadugong krimeng may kinalaman sa mapaniil na sistemang politikal. Sa bayan ng Ampatuan, Maguindanao ay pinaslang nang walang-awa ang 57 katao ng mga elementong kakabit ng nnanunungkulan angkan ng mga Ampatuan sa probinsyang ito. Nagimbal ang buong sambayanan, lumuha, nagngalit at lalong nawalan ng tiwala sa mga sistemang pampamahalaang pinangunguluhan ng teknokratiko-awtoritaryang Pangulong Gloria Macapagal-Arroyo.

Sa paglipas ng isang taon, tila muli na naman tayong nawawalan ng gana umalala dala ng ating pagnanasa ng bagong buhay. Sa pangako ng pagsunod sa tuwid na landas mula sa bagong administrasyon ng Pangulong Benigno "Noynoy" Aquino III, naritong muli ang ating tendensiyang limutin na lamang ang nakaraang kasuklam-suklam, lalo't hindi naman tayo tila kasangkot dito. Masakit kasi umalala. Mahirap umalala. Mapanganib umalala. Ngunit ang mga dahilang ito mismo ang dapat magtulak sa sambayanan upang kumilos, magtanong, at magpursiging mapalaya ang katawan sa kahirapan at kaisipan sa kamangmangan.

Naniniwala kaming malaki ang magagawa ng masikhay, mulat at malay na Atenista kung magpapatuloy siya sa kanyang pag-aaral at pagsasalita tungkol sa kanyang lipunang ginagalawan. Kailangang tapusin na ang panahon ng Atenistang nagsusulong lamang ng mga kilusan upang magkasiyahan at mamigay ng limos upang pagtakpan ang kanyang kawalang-kamalayan sa kultura ng kawalan ng pakialam. Hindi maaaring maging "Tanglaw ng Diyos" ang isang Atenistang nasa dilim tungkol sa pinakamahalagang ugnayan ng mga tao: ang politika at pamayanan. Sa pamamagitan ng pagiging mulat, pagiging malay sa interes ng marhinalisado, at pamumuhay nang makatuwiran, magagawa ng isang Atenista na bumahagi sa kilusan tungo sa tunay na demokrasya at mapigilan ang muling pagputok ng ganitong dahas sa ating mamamayan.

HINDI KAMI LILIMOT! KASALANAN ANG LUMIMOT! KATARUNGAN, NGAYON NA!

Matanglawin

Opisyal na Pahayagang Pangmag-aaral ng Pamantasang Ateneo de Manila

Tresa Valenton, BS PSY '11
Punong Patnugot

Dylan Valerio, BS CS '11
Katuwang na Patnugot

Gerald Pascua, BS ACS '11
Nangangasiwang Patnugot

Robee Marie Ilagan, AB PoS '11
Patnugot ng Sulatin

Jeudi Garibay, AB IS '12
Patnugot ng Sining

Jake Dolosa, BFA ID '11
Patnugot ng Lapatan

Joanne Galang, BS MIS '11
Patnugot ng Web Teknikal

Patrick Manalo, AB PoS '11
Patnugot ng Web Sulatin

Frances Pabilane, AB EU '11
Tagapamahala ng Pandayan

Rico Esteban, BS CoE '12
Ingat-Yaman

Hansley Juliano, AB PoS '11
Pangkalahatang Kalihim

SULATIN AT SALIKSIKAN
Mga Katuwang na Patnugot:
Tricia Mallari, Alfie Peña, Elroy Rendor

Arnold Lau, Arvin Bautista, Kevin Marquez
Karla Placido, Rex Coz, Kevin Ross Nera
Miguel Rivera, Luigi Moreno,
Micha Aldea, Iman Tagudiña
Regine Rostata, Pao Hernandez,
Xavier Alvaran, Raph Limiac, Mike Orlino,
Kristine Pascual, Benjhoe Empedrado,
JC De Leon, Marvin Lagonera,
Jan Fredrick Cruz

SINING
Katuwang na Patnugot:
Lalaine Lim

Bea Benedicto, Jam Chuah, Larz Diaz, Elya Vera, Therese Reyes, Justine Banedo, Trixia Wong, Michelle Garcia, Ramil Ramirez, Alyssa Nicole Anatalio, Carol Yu

LAPATAN
Geneve Guyano, Janine Motos,
Angela Muñoz, Eldridge Tan

WEB
Mark Louie Lugue, Faye Matuguinas, Jonathan Sescon, Fawn Yap,
Hanna Adrias, Robin Perez,
Ayeza Lamence, Fatima Nifas

PANDAYAN
Katuwang na Patnugot:
Samuel B. Nantes

Charmagne Capuno, Miguel Castriciones,
Mayo Floro

TAGAPAMAGITAN
Dr. Benjamin Tolosa,
Kagawaran ng Agham Politikal

LUPON NG MGA TAGAPAYO
Chay Florentino Hofileña,
Kagawaran ng Komunikasyon

Dr. Agustin Martin Rodriguez,
Kagawaran ng Pilosopiya

Gary Devilles,
Kagawaran ng Filipino

Mike Bernardo Parker,
Programa ng Sining

Mula sa patnugutan

PAGlingon at pagbangon

"Walang isyu, kaya wala kaming ginagawa." Palagiang maririnig na ibinibida ng Sanggunian ang mga adbokasiya nilang kaugnay ng pagtulong sa mga sektor ng lipunang hindi napapansin. Sa mga nakaraang taon, ibinalandra ng institusyon ang pagtulong sa mga magsasaka ng Sumilao, ang pagtulong sa biktima ng Ondoy at ang pagsama sa libing ni dating Presidente Cory. Ibang klase ang naging partisipasyon ng Atenista sa mga ganitong sitwasyon subalit tila natali na ang Sanggunian sa mga isyung nasyonal na matagal nang lipas.

Sa ganang dala na rin nang "mahinhing" admininstrasyong Aquino nagmistulang walang isyung nasyonal ang nais pakialaman ng ordinaryong Atenista. Aminado ang ating Sanggunian sa apatetikong kultura ng mga Atenista na higit pang napaigting nang kawalang isyu ng bansa. Mula na rin sa pinuno ng Sanggunian, mahina ang insitusyon pagdating sa pagpapakilos at pakikialam sa mga mahahalagang isyu. Kahanga-hanga at mainam ang pagtanggap sa kahinaan ng politika ngunit ang masama at ang labis na pagkukulang ay ang hindi paggawa ng paraan upang matabunan ang ganitong klaseng problema.

Hindi rin maiaalis ang sisi sa sistema at maging sa mga nagnanais maging bahagi ng Sanggunian. Kahit ang mga partidong disinsana'y magpapaalab at magtutuwid ng baluktot na politika ay nakukulong sa espasyo ng pagboto at pagkaluklok sa pwesto. Maririnig lamang ang kanilang ingay sa mga oras na palapit na ang halalan at muling mawawala kapag tapos nang humingi ng pahirapang boto mula sa mga Atenista. Isa pang nakaalarmang katangian ng mga partidong ito ay ang kawalan ng pagkakaiba hinggil sa mga prinsipyong ipinaglalaban. Pare-pareho at mahinang ideolohiya ang inihahain ng mga partido sa Atenistang ligaw at may mahinang pakikialam.

Sa pagsisimula ng panibagong semestre ng Ateneo , isa rin itong hudyat nang patapos na taong akademiko. Isa na namang lumipas na taong papatunayan ng Atenista ang mahinang pagkilos para sa bayan. Sa malabong lunan ng politika sa loob ng pamantasan palaisaipan pa rin kung saan at sino ang magsisimula ng pagbabagong hinahangad para sa pagbangon. Kultura ang palagiang isinasanggalang na dahilan sa elitistang pananaw ng politika ngunit higit pa rito ang solusyong dapat ihain. Isang sistematikong pagbabagong nakatuon hindi lamang sa grado ngunit sa matagal nang isinisigaw nang Ateneo, "prefessionals for others." Hindi lamang ang iilan ang nararapat magpatunay sa ganitong adbokasiya kundi ang kolektibong komunidad ng Ateneo upang maibangon ang politikang inaasahan ng Filipinas mula sa lupon ng mga kabataan at propesyunal sa loob ng pamantasan – representasyon.

Isang mapagpalayang pagbabasa! 



TANAWIN AT TUNGUHIN NG MATANGLAWIN

TANAWIN NG MATANGLAWIN

Mapanghamon ang ating panahon.

Kailangan ang mga matang nangangahas tumitig at magsuri sa paligid. Kailangan ang isang tanglaw ng katotohanan sa gitna ng dilim na laganap na pambubulag at pagbubulag-bulagan. Kailangan ang mga kuko ng lawing daragit sa mga dagang ngumangatngat sa yaman ng bansa at ahas na lumilingkis sa dangal at karapatan ng mga maralita. Kaya't ang Matanglawin ay bumabangon upang tumugon.

Tumutugon ang Matanglawin, una, bilang pahayagan ng malaya at mapagpalayang pagpapalitan ng kuro-kuro tungkol sa mahahalagang usaping pampaaralan at panlipunan; at ikalawa, bilang isang kapatiran ng mga mag-aaral na may malalim na pananagutan sa Diyos at sa Kanyang bayan.

Ang Matanglawin ay hindi nagsisimula sa wala. Saksi ito sa nakatanim nang binhi ng pagtataya at pagkilos ng ilang Atenista. Subalit hindi rin ito nagtatapos sa simula. Hangad nitong diligin at payabungin ang dati nang supling, at maghasik pa ng gayong diwa sa higit na maraming mag-aaral. Hangad din nitong ikalat ang gayong diwa sa iba pang mga manghahasik ng diwa at sa iba pang mga pamayanang kinasasangkutan ng mga Atenistang kumikilos palabas ng kampus.

TUNGUHIN NG MATANGLAWIN

Sa adhikaing ito, isinasabalikat ng Matanglawin ang mga sumusunod na sandigang simulain:

1. MAGING matapat at matapang sa paghahanap at paglalahad ng katotohanan - katotohanan lalo na ng mga walang tinig.

2. BIGYANG-DAAN ang malaya, mapanuri, at malikhaing pagtatalakayan - kabilang na ang kritisismo - ng mga mag-aaral hinggil sa mga usaping pangkampus at panlipunan.

3. HUBUGIN ang mga kasapi sa pamamagitan ng pakikisalamuha sa mga tao lalo na sa mga anakpawis, pandayin sila sa masinop na pananaliksik at pagpapahayag, at hasain sa malalim na pagninilay upang maging mabisang tagapagpairal ng pagbabago ng mga di-makatarungang balangkas ng lipunan.

4. TUMAYO bilang isang aktibong kinatawan ng Pamantasan para sa ibang paaralan at sektor ng lipunan.

5. ITAGUYOD ang diwa at damdaming makabansa lalo na sa pagpapalaganap at pagpapayaman ng sariling wika.

6. PAIGTINGIN ang kamalayang pampolitika sa Ateneo sa paraang mapayapa subalit mapaghamon, may kiling sa mga dukha bagaman walang isang ideolohiyang ibinabandila.

7. IBATAY ang lahat ng gawain sa papasulong na pananaw ng pananampalatayang Kristiyano na sumasamba sa Diyos na gumagalaw sa kasaysayan, kumakampi sa katotohanan, at may pag-ibig na napapatupad ng katarungan.

TUNGKOL SA PABALAT



sining ni Lalaine Lim

Papasok na ang pasko, at sa di-katagalan ay bagong taon nanaman. Dumarami ang mga aktibidades sa paaralan. Naging maugong ang usapin ukol sa College Fair,sa SOSE at SOH week at sa paparating na mga job interview. Ngunit, ipihit natin ang usapan - marami bang nakaalala sa Maguindanao Massacre?

Sa pagpasok ng magagarbong selebrasyon- mga pagpupunyagi para sa isang taong matagumpay- tunay nga bang pumasok sa kamalayan ng Atenista ang mga taong nasa labas ng pamantasan? Nahihirapan ba tayong tumingin?

Alalahanin natin ang kahirapan, ang karahasan at kawalan ng pag-asang nangagsiksikan sa mga siyudad na may mapanglaw na kasaysayan. Dinggin natin mismo silang maralita, at pagsikapang hindi marahuyo sa halimuyak ng pagkabulag.

Pagwawasto:

Sa isyu ng Matanglawin para sa mga buwan ng Hulyo at Agosto ng taong ito (Tomo XXXV, Bilang 2), nagkamali ang patnugutan sa pangalan ng dibuhista sa pahina 20 artikulong Eksodo ng mga Maralitang Lungsod. Nakasaad doon na si Nikka Anatalio ang gumawa ng sining. Si Lalaine Lim ang tunay na gumawa.

Nakaligtaan rin ng pamunuan na bigyang-parangal si Jeudi Garibay na siyang gumawa ng pabalat sa parehong isyu (Tomo XXXV, Bilang 2). Humihingi tuloy ng pagpapaumanhin ang pamunuan sa anumang aberyang naidulot nito.


Pagmamay-ari ng mga lumikha ang lahat ng nilalaman ng pahayagang ito. Pinahihintulutan ang lahat ng pagsipi sa mga nilalaman basta hindi nito sinasaklaw ang buong akda at may karampatang pagkilala sa mga lumikha.

Bukas ang Matanglawin sa lahat (Atenista man o hindi) sa pakikipag-ugnayan: pagbibigay o pagsasaliksik ng impormasyon, pagtatalakay ng mga isyu, o pagpapaalam ng mga puna at mungkahi ukol sa aming pahayagan.

Sa lahat ng interesado, mangyari lamang na tumawag sa (632) 426-6001 lokal 5449, magpadala ng text message sa (63927) 348-2233, o sumulat sa pamunuan ng Matanglawin, Silid-Publikasyon (MVP 201–202), Pamantasang Ateneo de Manila, Loyola Heights, Lungsod Quezon 1108.

Maaari ring bumisita sa www.matanglawin.org o magpadala ng e-mail sa pamunuan@matanglawin.org.

Kasapi ang Matanglawin ng Kalipunan ng mga Publikasyon (COP) ng Pamantasang Ateneo de Manila at ng Kalipunan ng Pahayagang Pangkolehiyo sa Filipinas (CEGP).



Nilalaman

8 **TAMPOK NA ISTORYA**
Politikalokohan: Mapanlansing pagkilos at representasyon sa Ateneo

16 **PULSONG ATENISTA**
Nakakubling Katotohanan: Alamin ang Pamamalahiyo sa Ateneo

20 **MATA SA MATA**
Ugat at Pagbabago: Pakinggan ang isang aktibista-manunulat

23 **SIGAW NG BAYAN**
Sistemang Kabataan, Sistematiko nga ba? Mga panig ukol sa Sangguniang Kabataan

26 **KILATISTA**
Alagad ng Sining, Alagad ang Sining: Tunghayin ang kasaysayan ng sining

29 *Talim ng Bibig, Labis na Pakikinig: Tingnang muli ang Programang Face to Face*

32 **DUGONG BUGHAW**
Pakikilahok bilang Pagpapalalim ng Pag-iisip

18 **TALIM NG BALINTATAW**
Karayagan

34 **BAGWIS**
Aktibista
Muning
Balik-Aral

OPINYON

LIGALIG NG LAYLAYAN



TRESA VALENTON
tvalenton@matanglawin.org

Tayo raw ang kanyang boss. Maliwanag na hindi.

LABANAN ANG KALTAS SA EDUKASYON!

Marami ang ginalit ng tangkang pagbabawas ng subsidiya sa state colleges and universities (SUCs) ng lideratong Benigno "Noynoy" Aquino III. Sakaling aprubahan ng Kongreso ang isinusulong na badyet para sa taong 2011, bababa mula P23.8B tungong P23.4B ang badyet na ilalaan sa 112 SUCs sa bansa. Ito ang itatalang pinakamalaking kaltas sa alokasyon para sa SUCs. May pagmamalaki pa sa kampo ng administrasyon; isa umano itong hakbang sa pagiging malaya at hindi-palaasa ng mga institusyong ito. Waring sinasabi ng Pangulo na "Bahala na kayo diyan, hindi namin kayo responsibilidad." Ito ay pagtalikod sa tungkulin ng pamahalaan na bigyang-pagkakataong magkaroon ng de-kalidad na edukasyon ang bawat Filipino.

Sa kabila ng malaking kabawasan sa badyet ng mga batayang pangangailangan (partikular ang edukasyon), nariyan naman ang dagdag para sa mga pangangailangang indirektang makatutulong sa lipunan. Pinakamalaki sa buong kasaysayan ng alokasyon ang isinusulong na dagdag P80.9B sa interes ng bayad-utang. Tinatayang sampung porsiyento naman ang itataas ng badyet para sa Tanggulang Pambansa. At doblado ang pondo para sa pork barrel mula P10.9B tungong P24.8B.

Dahil sa mga kaltas, nagiging isang pribilehiyo para sa mga Filipino ang makapag-aral. Sa pagnanais ng pamahalaan na gawing malaya ang pagpapatakbo sa SUCs, nananatiling para lamang sa iilan ang makapagtapos. Ayon sa tala ng Catholic Educational Association of the Philippines (CEAP), may eksodo ng mga mag-aaral mula sa mga pribadong pamantasan tungong pampublikong institusyon. Subalit wala ring halos pinag-iba ang sistema ng pagmamatrikula sa dinadatnang mga pamantasan. Sa panig naman ng mga paaralang nililipatan, wala silang magawa kundi magtaas ng matrikula upang ipagawa ang mga bulok nang pasilidad. Dahil dito, hindi maiiwasan ang magdagdag ng mga bayarin gaya ng processing fee, maintenance fee, at kung anu-ano pang uri ng "fees" na kanilang maisip. Dahil sa kawalan ng silid, libro, mga guro, at iba pang kagamitan, napipilitang magkaroon ng limitasyon o cutoff sa bilang ng mga mag-aaral na maaaring tanggapin. Sa kalaunan, lalo lamang bumababa ang bahagdan ng mga Filipinong nakapagtatapos. Kung ngayon nga, 14% lamang ng pumapasok sa elementary ang nakapagtatapos ng kolehiyo, paano pa kung patuloy na babawasan ng pondo ang ganitong kahalagang sektor sa lipunan? (Hindi ko rin maisip kung paano maikakasa ang K-12 kung sa mga batayang tungkulin, bagsak na ang pamahalaan.)


Kasalukuyang may pag-aaklas at pagkondena sa mga mag-aaral ng mga unibersidad na sangkot sa bawas-badyet. Nanguguna na rito ang Unibersidad ng Pilipinas na pinakamalaki ang magiging kaltas, P1.39B. Samantala, pitong pamantasan ang babawasan nang higit sa kalahati ng badyet para sa operasyon; pinangungunahan ito ng Southern Philippines Agri-Business & Marine and Aquatic School na may -66.27%.

Bilang isang institusyong nagsusulong ng katarungan sa lipunan, pagkiling sa marhinalisado, at pagwakas sa kahirapan, nawa ay maging isang panawagan para sa atin ang tugunan ang mga ganitong suliranin. Sa mga ganitong isyu sana natin itinutuon ang ating mga adbokasiyang ipinaglalaban. Habang nakikipagbuno ang mga kapatid nating apektado ng kaltas sa badyet at habang pinipilit ng mga magulang nilang pasanin ang epekto nito, heto ang Atenista—problemado sa paghahagilap ng (at handang sumugal ng) milyon-milyong halaga para sa isang magarbong College Fair.

Nangangailangan ng pagkalampag na aabot sa Malakanyang (at Kongreso). Kung sektor ng edukasyon PA LAMANG ang pagbabatayan, kwestiyonable talaga kung sino ang pinagsisilbihan. Kailangan nating paalalahanan ang nasa puwesto. Nasaan na ang pagkiling sa mahihirap at marhinalisado? Nasaan na ang ipinangakong pagtapos sa kahirapan? Isyu ito hindi lamang ng mga kabataang naiipit sa budget cut. ISYU ito ng bawat Filipino—dahil may karapatan tayong lahat sa de-kalidad na edukasyon.

OPINYON

SULYAP SA HINAGAP



FRANCES PABILANE
fpabilane@matanglawin.org

MAKATWIRAN, HINDI TAWIRANG PAGTULONG ANG KAILANGAN

Makatwira't tuwiran, hindi basta tawiran ang kailangang pagtulong sa mga maralita nating kababayan.

Malaking bahagdan ng ating populasyon ang lugmok sa kahirapan. Sinusuportahan ang pahayag na ito ng di-iilang mga sarbey at estadistika. Magmasid-masid ka lamang sa paligid at makinig sa mga balita, mapagtatanto nang maraming kababayan natin ang nakikipagsapalaran sa buhay na kapos na kapos sa mga pangunahing pangangailangan.

Kadalasan pa, hindi maituturing na tunay na lunas ang mga hakbanging isinasagawa ng pamahalaan upang masolusyunan ito. Sa kasalukuyan, kontrobersiyal ang programang Conditional Cash Transfer (CCT) na nasa pangangasiwa ng Department of Social Welfare and Development (DSWD). Nilalayon nitong tustusan ang ilang pangangailangan ng mga kapuspalad na mamamayan. Unang ipinatupad noong 2008, kilala rin ito bilang Pantawid Pamilyang Filipino Program. Halagang P21.9B ang nakatakdang ilaan ng pamahalaan para sa CCT sa 2011, mula sa P10B budget nito ngayong taon. Nilalayon nitong matulungan ang 2.3 milyong mahihirap na pamilya sa susunod na taon kumpara sa pagiging isang milyon lamang sa 2010.

Sa planong pagpapatuloy ng programang ito, ipinapanukalang makatanggap ang mga benepisyaryo ng P500 hanggang P1400 kada buwan. Bahagi umano ito ng pagsisikap na maabot ng bansa ang layuning makamit ang UN Millennium Development Goals sa 2015.

Kabilang sa mga kondisyong nakapaloob sa CCT ang pagtitiyak na pumapasok sa paaralan ang mga tinutustusang makapag-aral at regular na bibisita sa mga pampublikong klinika ang mga nagdadalang-tao upang matiyak ang kanilang kaligtasan sa panganganak. Sa paraang ito umano, masisigurong hindi maaabuso ang tulong-pinansyal ng gobyerno.

Nananatiling problematiko ang programa sa ilang aspekto nito gaya ng pagtukoy sa kung sino ang nararapat pagkalooban ng tulong. Maari itong maging sanhi ng inggitan o alitan sa komunidad lalo na kung may nakapandadaya at may umiiral na sistemang padrino sa pagpapatupad nito. Kinukwestiyon din ang programa sa maaaring maging palaasang atitud ng mga maralita nating kababayan sa oras na aprubahan ito.

Malubha ang kahirapan sa bansa. Kaya naman hindi lamang panandaliang tulong ang nararapat na isagawa ng gobyerno upang resolbahin ito. Malaking pondo man ang inilaan para sa programa, mahihirapan pa ring makabangon mula sa kanilang abang kalagayan ang mga tinutulungan kung nananatili ang kawalan ng sapat na imprastraktura, bilang ng mga kawani at kagamitan sa paaralan at ospital. Kung nais maibsan ang kahirapan, higit na epektibo ang paglalaan din ng sapat na budget para sa mga proyektong tuwirang makatutulong sa mga mamamayan, iyong tiyak at pangmatagalan.

May pananagutan ang pamahalaan sa mga mamamayan ngunit may tungkulin din ang huli na kumilos hindi lamang para sa ikabubuti ng sarili bagkus maging para sa sambayanan. Magiging isang balintuna lamang ang mithiing puksain ng CCT ang kahirapan kung hahayaan din ng programang umiral ito. Kung hindi pag-iibayuhin ang pagpapatupad nito, magiging panandaliang "pantawid" lamang ang hatid ng programa nang hindi nakararating sa tunay na paroroonan: ang kaunlarang pangkalahatan.

Maaring mailapat ang ganitong usapin sa konteksto ng pagtulong ng Ateneo. Sa mga programang immersion at JEEP, mainam na maipabatid sa mga Atenista na naroon sila hindi upang mangako ng agarang tulong at solusyon sa kahirapan. (Hindi rin natatapos ang immersion sa pag-uulat sa klase ng naging karanasan at sa pagkakaroon na ng marka) Isa itong pagsisikap na makihalubilo sa mga naisasantabi. Sa ganitong paraan, makapag-iisip at makapag-aambag ang mga bumabad ng uring pagkilos na hahantong sa tunay na pagtulong. Gaya ng ideyal ng CCT, hindi ito pagpapaasa lamang. Hindi sa pagkamulat lamang ng Atenista nagtatagumpay ang programa.

Sa kabuuan, nawa'y hindi humantong ang CCT at mga programang tulad nito na naglalayong makatulong sa mas nangangailangan sa isang lipunang umaasa lamang sa grasyang nagmumula sa pamahalaan o sa nakatataas. Sapagkat oras na mapatid ang pagtustos, walang ibang mangyayari kundi ang panunumbalik lamang nila sa dating kalagayan—kahirapan.

OPINYON

DERETSAHAN



JAKE DOLOSA
jdolosa@matanglawin.org

Maganda nga ang konsepto ng pagbabago, ngunit kung susuriin, tila naligaw ang DOT sa tunay na konteksto ng malikhaing pagbibihis sa imahe ng Filipinas.



Hindi ko napigilang matawa sa inihaing pagbabago ng DOT sa kampanya ng turismo sa Filipinas. Naging isa ngang malaking katatawanan ang dapat sana'y planong pagbabago ng gobyerno upang maiangat ang pasok ng turismo sa ating bansa na hindi pala napunan ng "Wow Philippines".

Naiintindihan ko kung ano at saan ang pinanggagalingan ng DOT sa pagbabagong nais nito sa imahe ng turismo ng ating bansa sa mundo ngunit hindi nangangahulugang sinasangayunan ko ang kahangalang ginawa nito sa pagbibihis sa ating bansa. Maganda nga ang konsepto ng pagbabago, ngunit kung susuriin, tila naligaw ang DOT sa tunay konteksto ng malikhaing pagbago sa imahe ng Pilipinas.

Sa pagdidisenyo o maging sa kahit anumang larangan o sitwasyon, hindi basta-basta ang pagbabago. Pinaghahandaan ito at masusing pinag-iisipan. Nangangailangan ng paglikha kung gagawa ka ng pagbabago. Gumagamit ka ng inspirasyon, hindi upang kopyahin, kundi upang gamitin sa paglikha ng bago. Sa simula't sapul ay makikita na ang kahangalang ginawa ng ad agency kung saan ipinagkatiwala ng gobyerno ang pagbabagong hinahangad nito sa imahe ng Filipinas.

Ang di-maitatangging pagkakahawig ng "Pilipinas Kay Ganda" sa logo ng turismo ng Poland ang katibayan ng kawalan ng orihinalidad at pagsasakonsepto ng mga tao sa likod ng bagong logo. Sa aking mga klase sa pagdidisenyo, patuloy kaming pinapaalalahanan na ang pag-iisip ng disenyo ay hindi lamang pagsasalpak o pagkopya ng kung ano mang maganda. Importante na alamin mo kung ano ang ginagawan mo.

Sa simula pa lamang ay ligaw na ang DOT tungo sa landas ng pagbabago. Sa kabila ng depensa nito sa anyo ng mga "surveys" at "tests" ay tila hindi nila maitatakwil ang katotohanang hindi sila puspusang naghanda sa hinain nilang pagbibihis.

Paano tayo magpapapansin sa ibang bansa kung sa simula pa lamang ay hindi natin alam kung paano ang tamang pagpapapansin? Tila marami pa ngang kailangan matutunan ang ad agency o marahil ang DOT sa pagpapakilala sa bagong imahe ng turismo sa bansa.

Ngunit kung tutuusin, hindi lamang ang problema sa imahe ang suliraning kinakaharap ngayon ng turismo ng Filipinas. Kadalasan nga'y, higit na nangangailangan ng atensyon ang mga suliraning ito kaysa sa pagbabago ng slogan. Isa na riyan ang isyu ng pangangalaga at pagpapanatili ng gobyerno sa mga atraksyon at pasyalan sa bansa. Sa lungsod lamang ng Maynila ay hindi mo na mabilang ang ebidensya ng kapabayaan ng gobyerno at kawalan ng disiplina ng mga tao sa pagpapanatili ng kagandahan ng mga parke, rebulto, o mga estraktura.

Ang Intramuros, na naging saksi sa yaman ng kasaysayan ng ating bansa, ay tila nilimot na ng panahon. Walang habas na sinulatan ng bandalismo ang mga mga lumang dingding ng naturang lugar. Hindi pa nakuntento't nagtapon pa sa loob mismo ng mga selda na dati'y naging lugar ng pagmamalupit ng mga Hapon. Ninakaw na rin ang ibang bagay tulad ng mga baha-bahagi ng mga rebulto at replica. Labis ang kawalang-bahala ng gobyerno at ng tao sa pagpapanatili ng dapat sana'y ipapakita natin sa mga turistang bumibisita sa ating bansa – ang katibayan na kay ganda nga ng Filipinas.

Kung mamarapatin, dapat sana'y pagtuonan muna ng pansin ng gobyerno ang pagsasaayos at pagbibihis ng mga lugar panturista dahil sa totoo lang, hindi lamang sa pagpapaganda at pagiisip ng ibang logo o slogan nasusukat ang pagbabagong hinihingi ng ating bansa upang makahimok ng mga turista mula sa ibang bansa. Mayroon ngang bagong logo at slogan, ngunit nananatiling lugmok sa kapabayaan ang dapat sana'y katibayan ng kagandahan ng Filipinas.

Tengineng na front row seat nga pero katabi ko naman tong ex ni Noy!

At least wala akong foot, mouth and hand disease ang likot kasi ng kamay mo!

at least di naman manyak boss ko!

hi babes handa ka na ba bukas?

Buti di na ikaw kumanta ngayon mag pyramid ka na lang!

Stones... Heavy like the love you've shown

NO comment!

RND 1

Come mierda , Hijo de la chiuaua, fundador, emperador!

Para sa iyo ang laban na to....

TUPANG INA!

GOV

...

?



Poverty

lagi na lang bang ipagpaliban pa?

Tampok na Istorya

POLITIKALOKOHAN

MAPANLANSING PAGKILOS AT REPRESENTASYON SA ATENEO?

nina Arnold Lau, Patrick Manalo, at Dylan Valerio
lapat ni Jake Dolosa

"Hindi lang kami utusan." Ganito ang paglalarawan ni Rob Roque, ang kasalukuyang Presidente ng Sanggunian ng mga Mag-aaral ng Paaralang Loyola ng Ateneo (Sanggunian), sa institusyong kanyang pinamumunuan. Tungkulin umano ng Sanggunian na kumatawan sa mga estudyante samantalang kumikilos at pinamumunuan sila.

Ayon sa sistema, regular na nagkikita ang Central Board (CB) na binubuo ng Presidente, Bise-Presidente, Pangkalahatang Kalihim at Ingat-Yaman, kasama ng mga kinatawan mula sa iba pang sangay ng Sanggunian at ang School Board (SB), kung saan kasapi ang block representatives upang mapagdesisyunan ang mga polisiya, aktibidad at opinyon ukol sa mga isyung lokal at pambansa. Ayon sa Sanggunian 2011 Overview, ang Sanggunian ang institusyong kumakatawan sa mga estudyante ng paaralan at ang naatasang humubog ng kamalayang akma sa tradisyong Ateneo sa pamamagitan ng pagbibigay serbisyo at pagkakaloob ng mga oportunidad sa paglago ng mas malawak na komunidad. Kaya naman, malaki ang potensyal ng Sanggunian. Subalit sa pag-usad ng mga pangyayari kamakailan, mistulang kumikilos ang Sanggunian hindi para sa mga estudyanteng bumubuo sa kanila (constituents) kundi para tugunan ang pansariling kapakanan o vested interest.

ATENEO COLLEGE FAIR

Para sa school spirit, para sa kasiyahan, para sa kita, para sa adbokasiya. Ito ang nagbibigay-buhay sa pilit na nilulusaw at pinapatay na panukala para sa isang college fair. Ayon sa inilatag na plano ng College Fair Task Force (TF) na siyang kumikilos para sa katuparan ng nasabing proyekto, layunin ng college fair na makalikom ng pera para sa scholarship. Ayon sa Facebook page ng Ateneo College Fair, binubuo ang TF ng mga kinatawan mula sa Sanggunian, Council of Organizations of the Ateneo (COA), Ateneo Resident Students Association (ARSA), at may 200 constituent volunteers na magtatrabaho upang maisakatuparan [ang College Fair].

Dalawang beses nang tinanggihan ng Sanggunian Central Board (CB) ang nasabing panukala, subalit mapilit ang TF na ituloy ang College Fair. Ayon kay Roque, hindi mawawala ang grupong mag-oorganisa ng College Fair; ang hindi na lamang mapagkasunduan ay kung ituturing bang proyekto ng Sanggunian ang nasabing fair o hindi.

Upang matulungang magdesisyon ang Sanggunian, nagpasa ng resolusyon ang CB para sa paglikha ng House of Representatives (HOR) na kabibilangan ng lahat ng nahalal at itinalagang block at course representatives. Magiging isang "deliberative" at "recommendatory body" ang HOR, subalit walang bisa ang ano mang boto nito dahil nakasalalay pa rin sa CB bilang legislative body ang huling pasya.

Sa ganitong paraan nais ng TF at HOR, na pumabor sa pagsuporta ng Sanggunian sa College Fair, na makialam ang mga Atenista: sa madalian, paspasan, at walang kahirap-hirap na paraan ng pagpa-party (car show, pageant night, fashion show, food and entertainment booths, etc.). Tama ba ang landas na piniling tahakin ng Atenista para tumulong sa kanyang kapwa? Bukod pa sa college fair kung saan maituturing na matingkad ang pagpapakita ng partisipasyon ng bawat Atenista, gaano talaga kaepektibo ang politikang Atenista, ang Sanggunian at ang mga partido?

MATATAG NA SANGGUNIAN?


Inaasahan ng bawat estudyante mula sa student-government na inihalal niya na ang kumakatawan niya sa ano mang interes niya. Ibig sabihin, dahil binoto ang mga miyembro ng Sanggunian ng mga estudyante, inaasahan na kung ano man ang sabihin ng Sanggunian, iyon na rin ang saloobin at nais iparating ng mga Atenista.

Inamin ni Roque na bagaman trabaho ng Sanggunian na katawanin ang mga estudyante, hindi ito nangangahulugang kailangang konsultahin ang mga Atenista sa lahat ng pagkakataon. Aniya, may mga sitwasyon kung saan hindi praktikal na kunin ang pananaw ng bawat estudyante para lamang makakilos ang Sanggunian, subalit kung may panahon naman ay malayang nakikipagdiyalogo ang Sanggunian sa mga estudyante.

Para kay Roque, pinakamahalaga ang trabahong ginagampanan ng CB reps. Sila umano ang direktang

Gerald Pascua





Gerald Pascua



ANG MGA ORGANISASYON, NAKIKITA NAMIN BILANG MGA KATUWANG NAMIN SA PAGHUBOG NG MGA ESTUDYANTE, KAYA PINIPILIT NAMIN NA WALANG OVERLAPPING PROJECTS WITH ORGS.
—ROB ROQUE

nakikipag-usap sa mga kinatawan ng bawat kurso at block, na inaasahang nakikipag-usap sa kani-kanilang kinakatawan. Sa pamamagitan ng paglikha ng CB lower house, napalakas ang partisipasyon ng bawat Atenista hindi lamang sa pagpapatupad ng proyekto, kundi sa paggawa ng desisyon ng Sanggunian tungkol sa mga isyung pang-unibersidad at pambansa.

Pero tila may nakabantay sa bawat proyektong isinasagawa at desisyong inilalabas ng Sanggunian.

RELASYONG SANGGUNIAN-OSA

Sinasabing "sole" at "autonomous" ang Sanggunian bilang gobyerno ng mga Atenista, subalit malaki pa rin ang papel ng Office of Student Activities (OSA) sa mga ginagawa nito. Ayon sa website ng OSA, nakalagay na bahagi ng kanilang mandato ang gumawa ng mga patakarang dapat sundin ng bawat organisasyon sa kanilang mga aktibidad upang matiyak na alinsunod ang mga ito sa bisyon ng Ateneo. Sa madaling salita, kung hindi pumayag ang OSA, walang magagawa ang mga estudyante.
Batid ng marami na malapit ang Sanggunian sa OSA. Sapagkat tungkulin umano ng OSA na pangalagaan ang finance at logistics ng Sanggunian, obligasyon nilang pagmasdan at bantayan ang mga ginagawa ng Sanggunian. Sa katunayan, inamin ni Roque na noon, sa bawat desisyong gagawin ng Sanggunian, naroon ang OSA. Pero naglabas ang Sanggunian ng isang resolusyong naglilinaw ng tungkulin at posisyon ng OSA sa Sanggunian. Ayon dito, hinihingi ng Sanggunian ang higit na awtonomiya sa paglalahad ng mga layunin at konsepto ng mga proyekto nito.

Subalit, ani Roque, hindi ito nangangahulugang tuluyan nang mawawala ang OSA sa pangkalahatang pagpapatakbo ng Sanggunian. Aniya, makikipag-ugnayan pa rin sila sa OSA para katawanin ang mga estudyante sa administrasyon. Bahagi pa rin umano ang Sanggunian ng komunidad ng Ateneo, ng administrasyon. Dagdag ni Roque, "Autonomous kami sa pag-iisip, sa mga meeting, pero sa mga proseso, kailangang sumunod."

SERBISYO AT PARTISIPASYON

Sa panahon naman ng eleksyon, maraming obserbasyon ukol sa COMELEC at sa mga partidong tumatakbo para sa Sanggunian. May dalawang magkaugnay na isyu ang eleksyon sa Ateneo: (1) partisipasyon; at (2) sistema ng eleksyon. Problema ang partisipasyon dahil sa tuwing may halalan sa Sanggunian, karaniwang kakaunting estudyante ang bumoboto o di kaya'y nanalo pa ang abstain. Gayundin naman, problema ang sistema dahil napakaraming hadlang o red tape hindi lamang mula sa Ateneo COMELEC, kundi sa mismong administrasyon.

Ngunit paglilinaw ni Roque, sa lahat ng mga pamantasang Ateneo sa buong bansa, Ateneo de Manila ang may pinakamataas na antas ng partisipasyon. Nalaman umano niya ang impormasyong ito mula sa isang kumperensiya ng mga paaralang Loyola noong Oktubre, kung saan sinabing walang quota sa eleksyon ang ibang pamantasang Ateneo. Para sa kanya, mahalaga ang quota dahil isa itong indicator ng antas ng partisipasyon o success o tagumpay ng eleksyon. Gayumpaman, nananatiling mababa ang voter turnout dito sa Ateneo de Manila tuwing may eleksyon, lalung-lalo na tuwing may miting de avance. Ang pangunahing paraan tuloy ng pangangampanya ay sa pamamagitan ng mga flyers at posters na nagkalat lang.

WHAT THE STRUCTURES PERPETUATE HERE IN ATENEO ARE SO MANY THAT WE NEED A LOT OF ATENEANS TO START TALKING. THEY MIGHT NOT AGREE WITH CRUSADA BUT WHAT WE CAN ALL AGREE UPON IS THAT IT'S ABOUT TIME THINGS CHANGE – OUR COMPLACENCY, LACK OF ACTIVISM, STUPIDITY WHEN LOOKING AT POLITICAL ISSUES.
-JAMES ROMAN

Bakit palaging mahina ang partisipasyon? Ani Roque, isang dahilan marahil ang kagandahan ng serbisyo at proseso ng administrasyon na nagiging daan para mawalan ng trabaho ang Sanggunian. Bilang kinatawan ng mga estudyante, trabaho ng Sanggunian na katawanin ang mga estudyante sa administrasyon. At dahil nga nananatili umanong maayos ang pagpapatakbo ng administrasyon sa unibersidad kahit walang estudyanteng makialam, naiiwanan sa Sanggunian ang mga marhinal na trabahong karaniwang hindi napapansin ng mga estudyante.

Halimbawa, hindi umano pakikinggan ng administrasyon ang panawagan ng mga estudyante noon na huwag ipatupad ang dress code sa buong Ateneo kung hindi dahil sa Sanggunian. Hindi rin umano magtatagumpay ang pagtatanggal ng styrofoam kung hindi ito ipinatupad ng Sanggunian. Sa ganitong paraan nakikita ni Roque ang trabaho ng Sanggunian.

Problema rin ang mismong mga estudyante. Ani Roque, inaasahan ng mga estudyante mula sa Sanggunian ang mga aktibidad na hinahanap nila mula sa isang organisasyon, tulad ng mga general assembly o GA, party, at iba pa. Hindi umano ito realistiko para sa Sanggunian. Dagdag niya, "'Ang mga organisasyon, nakikita namin bilang mga katuwang namin sa paghubog ng mga estudyante, kaya pinipilit namin na walang overlapping projects with orgs; ang mga tinatrabaho naming bagay, iyon ang mga bagay na hindi tinatrabaho ng ibang orgs."

Ganito rin ang nakikita ni Lance Chua, 4th year SOSS Executive Officer at Top Officer ng Ateneo Servant Leaders. Bagaman may puso para magserbisyo, ang mga estudyante umano ang mismong hindi nakikilahok. Ibinahagi ni Chua na minsang nag-organisa ang klase nila sa Agham Politikal ng isang forum tungkol sa human rights violation, na sa kabila ng masigasig na pananalastas ay dinaluhan ng kakaunting estudyante. Obserbasyon niya, "'Iyon ang mahirap, eh. Naroon na ang passion ng group namin, similarly nandito na rin ang passion natin as student leaders na magbigay ng serbisyo sa mga estudyante, pero minsan hindi nila kinakagat ang oportunidad."

Mismong ang mindset o pag-iisip umano ng mga estudyante ang nagpapahirap sa Sanggunian para ipangalandakan ang mga ginagawa nila. Ani Chua, hindi patas na sabihing walang ginagawa ang Sanggunian. Sabi niya, "Probema kasi ang mindset ng students na what we're trying to do is not relevant, but in fact it is." Dagdag ni Roque, ilan sa mga serbisyong ibinibigay ng Sanggunian na hindi gaanong kainit ang pagtanggap, pagkilala, at pakikiisa ng mga estudyante ay ang sarbey tungkol sa curriculum satisfaction ng bawat kurso, faculty evaluation, dahil "boring" ang mga ito para sa kanila.

Kaya naman, serbisyo at higit pang pagpapaunlad at pagpapaginhawa sa buhay-estudyante ang nagiging trabaho ng Sanggunian. Ngunit kung susuriin at tatanungin, kailangan ba talaga ng Atenista ng serbisyo? Ani James Roman, interim president ng Christian Union for Socialist and Democratic Advancement (CRUSADA), "It's not about service to the Atenean. If there's any person in the country that needs less service, it's the Atenean due to their material position in the society. All we need are paved parking lots and a lot of it. "

ELEKSYON: SISTEMA

Inulan ng mga batikos ang Ateneo COMELEC noong nakaraang freshmen elections hindi lamang dahil sa mali-maling impormasyon sa balota kundi dahil sa mahigpit na prosesong elektoral. Ani Roman, "Gumagawa sila ng mga bagay nang walang pinaghuhugutan. Hindi siya contextualized para sa estudyante." Isang halimbawa umano ay ang pagkopya ng COMELEC sa Electoral Code of the Philippines na ayon sa CRUSADA ay "napakahigpit."

Sa ilalim ng itinakdang sistema, hindi maaaring magkaroon ng tunay na pangangampanya para mangalap ng boto. Lahat ng dokumentong gagamitin para sa kampanya, kailangang dumaan muna sa COMELEC para maaprubahan. COMELEC ang magdedesisyon kung pasado sa kung ano mang mga pamantayang itinakda nila ang plataporma ng isang kandidato. Dagdag ni Roman, "Pati ang mga PowerPoint [presentation] mo, dadaan sa kanila. Ano inaasahan nila, magmumurahan ang mga kandidato roon? Bawal naman iyon." At sa bawat aktibidad ng mga estudyante, lalo na sa eleksyon, hindi raw mawawala ang pagmamatyag ng OSA.

Naging isyu rin ang paggamit ng computer o automation ng eleksyon. Matagal nang ipinanukala sa pambansang eleksyon na gawing automated ang botohan para mabawasan ang insidente ng dayaan at mapabilis ang proseso ng bilangan. Bagaman may kaunting aberya, nagawa naman ito ng COMELEC at nairaos nang matiwasay ang eleksyon 2010. Sa di-maipaliwanag na kadahilanan, ginaya ng Ateneo ang automation ng pambansang eleksyon. Kaya naman naitanong ni Roman, "Bakit kailangan ng automation kung wala namang akusasyon ng malawakang dayaan? Wala na ngang bumoboto, ini-automate pa."

MATATAWAG BANG PARTIDO ANG PARTIDO

Kung tutuusin, gaano man sinusubukang


Micha Aldea

isakatuparan ang prinsipyo ng representasyon, napakahirap at napakabagal ang pakikipag-usap sa bawat Atenista upang malaman ang kanilang hinihiling. Itong payak na problema ang naging ugat ng konsepto ng pagbuo ng mga partido-politikal, na binubuo upang magkaroon ng makabuluhang posisyon ang mga iba't-ibang grupo ng mag-aaral na may kinikilingang ideolohiya, paniniwala, at patakaran. Bagaman hindi ibig sabihin ng pagsali sa isang partido na pare-pareho ang paniniwala ng lahat, nagsisilbi bilang masaklaw na boses ang partido upang matupad ang kanilang pananagutan sa representasyon ng kanilang mga miyembro.

Ngunit ayon kay Chua, nabuo ang kanilang partido bilang samahan ng mga gustong tumakbo sa Sanggunian na nangangailangan ng suporta. Nang itinanong ng Matanglawin kung mayroon mga miyembro ang kanilang partido na walang balak sumali sa halalan, ang sabi ni Chua: "Wala." Tanging tuwing eleksiyon lamang napapansin ang mga partido sa Ateneo. Dagdag ni Chua na mainam magkaroon ng mga seminar at workshops para kahit walang eleksiyon, magiging matingkad ang politika.

Ngunit may ideolohiya umano ang bawat partido, bagaman hindi makita. Ayon kay Chua, mas kumikiling sila sa konserbatibong pananaw, ayon sa paniniwala sa pagsimula ng pagbabago sa indibidwal na nibel. Ayon naman kay Gemmo Fernandez ng Department of Corporate Relations ng Sanggunian at interim president ng IBIG-Agila, mula pa noong 2003 idinidiin na nila ang isang "makabayang pagtingin sa mga bagay-bagay," na maaaring maging taliwas sa pagiging uso ng diskurso sa isang pandaigdigang perspektiba kung saan nawawalan ng kahalagahan ang estado at ang bansa. Sa kabilang banda, kumikiling ang CRUSADA sa social democracy, na maaaring isipin bilang tutol sa ASL sa kanilang pagpribilehiyo ng pagbabago mula sa komunidad. Ayon kay Roman, mahalaga rin ang elementong Kristiyano sa ideolohiya ng kanilang partido dahil nagbibigay ito ng "bias para sa mga marhinalisado at mahihirap."

Isang problema raw sa pag-unlad ng representasyon sa Ateneo, ayon kay Roman, ang mismong sistema ng administrasyon ng pamantasan na sa pamamagitan ng "pagpapatakbo ng kung anong uri ng aktibismo ang dapat umiral sa iskuwelahan" ay tila kanser na nagiging hadlang sa malalim na pagtingin sa mga isyu. Para naman kay Fernandez, nasa mga proseso ang problema; hindi pa rin daw nagagawang maayos ang information dissemination.

Para kay Chua, halos pare-pareho lang ang mga partido na nagsisimula pa lang sa proseso ng mga malawakang reporma tungo sa mas mainam na representasyon. "Hinahanap pa natin lahat ang ating mga niche." Para sa Ateneo Servant Leaders at sa IBIG-Agila, makakamit ito sa paraan ng pagpokus sa paghubog sa kanilang mga miyembro hindi upang manalo sa halalan kung hindi, ani Fernandez, maging "pinuno sa iba't-ibang larangan."

TINGIN KO HINDI NAMAN APATETIKO ANG MGA ATENISTA KASI KAHIT PAANO MAY PUMUPUNTA. UNA, AYUSIN MO [SANGGUNIAN] ANG INFORMATION DESSIMINATION NIYO, IPAALAM NIYO ANG KAHALAGAHAN NG MITING DE AVANCE PARA MAS MANIWALA ANG MGA MAGAARAL NA MAY KAHULUGAN ITO.
-GEMMO FERNANDEZ

Nais naman palawakin ng CRUSADA ang estado ng diskurso sa Ateneo. Wala raw kasing pinaghuhugutan ang karamihan sa mga polisiya ng Sanggunian, at ng mga partido. Ani Roman, habol nila ang "externalization" ng pagkamalay ng Atenista, at makakamit nila ito sa pamamagitan ng pagturo sa kanilang mga miyembro na maging kritikal sa mga istraktura na nakikita nila sa pali-paligid. Edukasyon raw ang magiging pangunahing gawain ng CRUSADA, na ayon kay Roman, ay ang pinakamainam na paraan upang mapatingkad ang politika sa Ateneo.

PROYEKTO PARA SA ESTUDYANTE

Isa sa pinakamakinang na bahagi ng isang buhay-estudyante ang mga proyektong labas sa silid-aralan. Nariyan ang paghuhulma ng mga lider ng ASL, ang pagsasagawa ng mga diskusyon at fora ng Sanggunian, ang Gawad Kalinga Build, ang mga proyekto ng OSCI at marami pang iba. Iba-iba man ang hangarin at pamamaraan ng mga gawaing ito, nagkakaisa sila sa paghahanap ng estudyanteng makikilahok.

Sa paglulunsad ng mga proyektong saklaw ang buong komunidad ng Ateneo, nariyan ang Sanggunian upang imobilisa ang mga estudyante. Walang makalilimot sa isyu ng dresscode noong 2008, ng mga magsasaka ng Sumilao at Calatagan noong 2007 at 2008, sa pagtulong sa mga nasalanta ng bagyong Ondoy noong 2009, at sa pagsasabawal sa paggamit ng styrofoam sa Ateneo noong 2009. Malalaking pagbabago ang iniwan ng mga proyektong ito. Ngunit, marami rin ang mga proyektong masasabing sablay sa kanilang pagpapairal. Bilang halimbawa, kakaunti ang dumalo sa mga nakaraang miting de avance, ang sumama sa mobilisasyon para sa CARPER noong 2009, at ang mga nakabatid sa Freedom of Information Signature Drive kamakailan. Tila may hinahanap pa ang mga Atenista sa mga proyektong nakalaan.

Para kay Fernandez, information dissemination pa rin ang kinakailangang isaayos sapagkat hindi naman raw apatetiko ang mga Atenista. "Masasabi ko na ang mali ay nasa sistema kasi huli na sila [Comelec] nag-iimbita. Hindi man lang alam ng nakararami. Oo, may tarpaulin pero kulang pa rin... Ipaalam niyo [Comelec] ang kahalagahan ng meeting de avance para mas maniwala ang mga magaaral na may kahulugan."

Ngunit, masasabing hindi lamang ito ang kulang sapagkat ilang taon nang panukala ito ng ilan nang henerasyon ng mga mga mag-aaral. Para kay Chua, hindi nababatid ng mga estudyante ang importansiya ng mga isyu. "Iyong mga project tulad ng inisyatibong CARPER ng Sanggunian, maganda kasi kahit hindi gaanong kalakas ang hatak sa mga estudyante, naiintindihan ng mga estudyante sa pamamagitan ng pagtakbo… Sila [Atenista] rin kasi ang pumipili na itayo iyong 'great wall', bilang 'elites'… Hindi [tuloy] kinakagat ng students yung projects ng orgs, Sanggunian, COA, etc."

SA AKING PALAGAY, PARE-PAREHO LANG NAMAN LAHAT ITO [MGA PARTIDO]. PARA SA AKIN ANG "PARTY" NAG-E-EXIST LANG TALAGA SIYA SA LOOB NG ATENEO PARA MATULUNGAN MO IYONG MGA ESTUDYANTENG GUSTONG TUMAKBO SA SANGGU.
-LANCE CHUA


Jeudi Garibay

Para naman kay Rob, wala pang lumalabas na malaking isyung tatalab sa mga estudyante. Kailangang pakinggan ang hinaing ng mga estudyante, at madalas dapat masaya at may insentiba ang lahat ng lalahok. Lumalabnaw na nga ba ang diskurso at mas malawak na perspektiba sa mga Atenista? Ayon kay Roque, "Paano madadala ang mga estudyante na magdiskurso kung ang mga estudyante mismo ang nagsabi na gusto nila ng 'fun'? Bilang kinatawan [ng mga mag-aaral] kailangang pakinggan ang 'fun' pero kailangang ihalo sa 'coformation'."

UNA SA CHECKLIST, "FUN AND PROFIT"?

Madalas nang sagot ang 'fun' sa mga sarbey at konsultasyon ng iba't ibang organisasyon ukol sa pagpapatakbo ng isang proyekto. Para naman masuportahan ito, kinakailangan ng 'profit'. Para naman tumalima sa mga ideyal ng Ateneo, pinapasukan ito ng adbokasiya sa porma ng pangangalap ng pondo para sa isang marhinalisadong sektor. Tila pormula na ang gawaing ito upang pumasa sa OSA, o sa mata ng mga estudyante.

Ipinaliwanag ito ni Chua. "Para mapagalaw ang isang indibidwal kailangan niya ng insentiba o parusa. Sa 'macro-political level', maganda rin iyon kasi halimbawa bibigyan kita ng 5 piso kapag itatapon mo yung basura sa basurahan..." Malaking pagkaibahan kung walang 5 piso. Ito ang pangangatuwiran sa likod ng sistema sa JSEC.

Ito ang kinekuwestiyon ni Roman- ang santatlong binubuo ng "fun, profit and advocacy". Aniya, "Dapat ba na manatiling pareho ang Atenista, ngayong taglay niya ang napakalaking talento bunsod ng kaniyang edukasyon?" Dagdag pa ni Roman, "Hindi ba dapat kapag nag –NSTP tayo para makuha iyong passion to serve, dapat nanggagaling sa atin? Kasi kung pinipilit, hindi natin nagugustuhan. Ginagawa lang natin kasi requirement siya... Paglabas sa Ateneo, opsyon na lang ito, puwede kaming tumulong o hindi? Hindi ba dapat obligasyon ito? Magiging obligasyon ito kung natutunan kong gustuhin, kung ako ang mismong namili na gusto ko mag-NSTP, mag-JEEP."


Sa kasalukuyan, hindi ito realistikong pananaw para sa mga estudyante. Ang karaniwang pag-iisip ay walang sasali kung walang malinaw na insentiba. Kaya naman, sinisiguro ng Sanggunian pati na ng mga sangay nito na magiging masaya at kapaki-pakinabang para sa estudyante ang mga gawain nito. Samakatuwid, serbisyo sa estudyante ang lumilitaw na pangunahing gawain ng Sanggunian. Depensa ni Rob sa mga akusasyon na walang ginagawa ang Sanggunian, "Lagi kaming nasa likod. Isinisiguro namin na lahat ng prosesong pang-estudyante, nagagawa nang maayos. Iyong pangmatagalan naming mga proyekto, hindi na mararanasan ng mga bumoto sa amin".

SA HULI, ANO BA TALAGA ANG GAGAWIN?

Malayo-layo pa ang kailangang tahaking daan ng Sanggunian at ng politikang Atenista. Ang mga kritisismo tulad ng kawalan ng ideolohiya, awtonomiya, kawalan ng pinaghuhugutan, kaguluhan sa konstitusyon at mga isyu ng eleksiyon ay ilan lamang sa dapat pang sagutin ng mga Atenista. Paglabas naman ng Ateneo, napakaraming isyu ang kailangan ng kasagutan. Isang magandang halimbawa ang pagtaas ng matrikula sa mga state universities, na siyang binatikos ng maraming estudyante, liban na lamang ang Ateneo. Hindi kasi kasapi ang Ateneo sa ganitong pagbabago. Malamang, hindi na rin kasi bago ang pagtaas ng matrikula sa Ateneo. Ngunit, ibig sabihin ba nito na hindi na makikilahok ang Atenista sa mga malawakang pagbabagong ito?


May mga kaganapan sa pambansang nibel na nararapat malaman at lapatan ng kuro-kuro. Mariing sinabi ni Roman na kailangan nang magsalita at magpalitan ng kuro-kuro ang mga Atenista. "Hindi man sila pumanig sa CRUSADA, masasabing kailangan nang magbago ang pagsasawalang-bahala, kawalan ng aktibismo at kamangmangan pagdating sa mga isyung politikal. Dagdag pa ni Chua, "Makilahok [tayo] sa lipunan. Kung gusto nating makakita ng pagbabago, dapat tayo ang magsimula ng pagbabago."


Panahon na upang pag-aralan muli ang ating politika, at makilahok sa aktibismo. Maaaring kaiba ito sa pamamaraan nina Edgar Jopson at Emman Lacaba, ngunit kailangan pa rin munang gisingin ang kakahayang tumulong sa marhinalisado at pakikialam sa mga diskursong labas sa silid-aralan. 



Pulsong Atenista


NAKAKUBLING KATOTOHANAN:





ANG PAMAMALAHIYO SA PAARALANG LOYOLA

nina JC De Leon, Tin Pascual, at Benjhoe Empedrado
sining ni Jake Dolosa at Justine Barredo
lapat ni Eldridge Tan



Upang matugunan ang patuloy na pagtaas ng numero ng mga kaso ng pamamalahiyo (plagiarism) sa Paaralang Loyola, inilathala ng Associate Dean for Student Affairs (ADSA) at ilang mga guro ang Code of Academic Integrity (CAI) makalipas ang limang taon ng mahabang proseso ng pagsasaliksik at pagrerebisa.

Karamihan sa mga kasong naisasampa sa ADSA ay mga kaso ng pamamalahiyo, hudyat upang masimulan ang pagsusulat ng CAI. Layunin ng CAI na mabigyang-linaw ang mga responsibilidad ng mga estudyante na itaguyod ang akademikong integridad sa pamamagitan ng pag-iwas sa mga halimbawa ng mga kasong pamamalahiyo na nakasaad dito at pagsampa ng kaso sa anumang makitang paglabag sa nasabing alituntunin. Nakapaloob din sa CAI ang mga kaso o sitwasyong nagpapakita ng pamamalahiyo.

Bagaman mayroon nang gabay ang mga estudyante upang makaiwas sa mga paglabag, hindi tiyak kung masusugpo ang tuluyang pag-arangkada ng bilang ng mga nakakasuhan sa institusyon.

NAKAKUBLING KATOTOHANAN

Isa ang pamamalahiyo sa apat na uri ng academic dishonesty na nakasaad sa CAI, isang gabay para sa mga mag-aaral at pati na rin sa mga guro tungkol sa katapatang akademiko. Nakasaad dito na nagaganap ang pamamalahiyo sa anumang pagkakataon na hindi kinikilala ang pinanggagalingan ng isang ideya. Hindi rin ito depende sa rami ng na-plagiarize, o kahit na kung saang pamamaraan ito naganap. Obhetibo itong opensa, at walang kailangang patunayan kundi ang katotohanan na naganap ito. Ayon kay Mike Mariano, isang guro ng Pilosopiya at isa sa mga nagsulat ng CAI, "Sinulat ang code para linawin na walang kinalaman ang intent. Kailangan lamang ang mismong katotohanan na nakaimprenta sa papel – ang isang ideya, isang pamamaraan ng pagpapahayag na galing sa iba ngunit hindi inilinaw ng estudyante na nanggaling pala sa iba." Bukod dito, mayroon ding isang ipinapalabas na sariling CAI ang Department of Information Systems and Computer Science (DISCS) para sa mga estudyante nito kung saan nakasaad ang mga uri ng academic dishonesty na naaangkop sa mga estudyante ng kagawaran.

Sa hindi pagkilala ng pinanggalingan, nagkakaroon ng impresyon ang mambabasa na gawa ng nagsulat ang ideyang inilatag sa papel. Sinabi ni Mariano na mahalagang linawin agad ng mag-aaral kung sa kanya ang isang ideya o hindi. Bilang bahagi ng pamayanan ng mananaliksik, tungkulin ng mag-aaral na "magpasalamat sa kapwa tao na nakatulong sa kanyang pag-iisip" para itaguyod ang dangal ng kapwa taong ito. Para sa kanya, hindi ginawa ng nag-plagiarize ang inaasahang gawin bilang mananaliksik o manunulat sa paglabag sa ganitong batas ng pamamalahiyo.

Alinsunod dito, idinidiin ng CAI na isang etikal na isyu ang pamamalahiyo, hindi lamang legal. Sinabi ni Mariano na naroon ang ADSA para hatulan ang mga gumagawa ng pamamalahiyo hindi dahil mapagparusa ito, ngunit dahil nakasasakit ito sa komunidad. Aniya, "Ang opensa ng estudyante ay hindi lamang sa guro ngunit sa buong komunidad ng mananaliksik, mag-aaral, manunulat dahil hindi talaga malinaw kung saan galing ang mga kaisipang ito. Tungkulin ng bawat isa ang malinaw na katotohanan."

ANG OPENSA NG ESTUDYANTE AY HINDI LAMANG SA GURO NGUNIT ANG BUONG KOMUNIDAD NG MANANALIKSIK, MAG-AARAL, MANUNULAT DAHIL HINDI TALAGA MALINAW KUNG SAAN GALING ANG MGA KAISIPANG ITO. TUNGKULIN NG BAWAT ISA ANG MALINAW NA KATOTOHANAN.
—MIKE MARIANO

ANG PATAKARANG LOYOLA

Alinsunod sa pangunahing prinsipyo ng Ateneo na pagtaguyod sa katotohanan at paghubog sa mga mag-aaral na maging mga responsableng mga pinuno, may mga itinakdang proseso at patakaran ang Paaralang Loyola para sa mga kaso ng pamamalahiyo. Hindi tulad ng ibang mga opensa, major case ang turing dito. Ito ang tinatawag ni Rene San Andres, ang Associate Dean for Student Affairs, na obhetibong dulo ng mga kasong pamamalahiyo.


Ang bigat ng pamamalahiyo naman ang subhetibong aspekto nito. Kasama rito ang dami ng na-plagiarize na materyal, kung sadya man ito o hindi, ang epekto ng nagawang pamamalahiyo, at pati na rin ang bahagdan ng na-plagiarize na gawa sa pangkalahatang marka ng assignatura. Ukol sa rami, nabanggit ni San Andres ang isang kakaibang sitwasyon kung saan ang pangalan ng estudyante ang tanging orihinal na bahagi ng isang limang-pahinang papel. Mahalaga naman ang bahagdan dahil nakasalalay rito ang magiging marka ng estudyante sa assignatura. Kung 20% o higit pa ang kahilingan ng kurso kung saan nagawa ang pamamalahiyo, awtomatikong F ang makukuha ng estudyante sa kursong iyon.

Sa pagproseso sa mga kasong pamamalahiyo, mahalaga ang papel ng mga mag-aaral at mga guro. Ang guro, bilang unang nakatatanggap ng mga kahilingan ng kurso sa mga estudyante, ang simula ng proseso. Kailangan siyang maging mapagmatiyag upang mahanap ang mga gawang may halong pamamalahiyo. Sinasabi ni Mariano na talagang masigasig ang nasa Paaralan ng Humanidades dahil kabilang sa mga guro nito ang ilang mga patnugot at manunulat. Para kay John Paul Vergara, kasalukuyang Bise Pangulo para sa Paaralang Loyola at dating pinuno ng DISCS, nakatutulong ang mga project defense upang mabigyang pansin ang mga ganitong kaso. Dito, kailangang ipaliwanag ng mag-aaral ang ginawang programa para sa klase para ipakita na kanyang gawa nga iyon. Nakatutulong din ang paggamit ng mga programang nakasusuri sa mga papel na ipinapasa ng mga estudyante kung may pamamalahiyo na naganap dito.

Pagkatapos mapatunayan na may pamamalahiyo na naganap, pinagdedesisyunan ng Discipline Commitee kung ano ang dapat na ipataw na parusa sa may sala. Limitado ang papel ng mga estudyante sa prosesong ito sa pagiging bahagi ng Discipline Committee at pagiging konseho ng hinahablan ng kaso. Ang dahilan ni San Andres para dito ay ang pagkakompidensyal ng proseso para sa kapakanan ng nakasuhan.

PAGSULONG AT MGA BALAKID

Para kina Mariano at San Andres, hindi pantay-pantay ang pagpansin ng mga guro sa pamamalahiyo. Dahil dito, isinulat rin ang isa pang gabay ng CAI para sa mga guro. Isa sa mga mungkahi sa kanila ay ipasa sa ADSA ang mga kaso at hindi tumigil sa silid-aralan lamang.



Nakatulong ang pagiging malinaw ng kampanya laban sa pamamalahiyo para kay Vergara. Nakahihikayat ang dumaraming nag-uulat ng mga kaso ng pamamalahiyo dahil ang ibig sabihin nito ay mas masigasig at mas malay na ang mga guro at mga estudyante sa isyu ng pamamalahiyo. Mas huhusay raw ang kampanya kung mas marami ang mag-uulat ng mga kaso ng pamamalahiyo. Hindi naman masabi ni San Andres sa ngayon kung matagumpay nga ang mga patakaran ng Paaralang Loyola.

Bagaman namamalayan na ng mga guro ang isyu ng pamamalahiyo, isa pa lamang itong hakbang papunta sa tagumpay ng mga patakaran. Hindi dapat tumigil sa pagsasampa at pagproseso ng mga kaso ang laban, kundi kailangan ding pigilin ang paglaganap ng pamamalahiyo mismo.

KAKULANGAN SA IMPORMASYON?

Hindi naman lingid sa kaalaman ng mga Atenista ang kahulugan ng pamamalahiyo at maging ang mga pagpapahalagang napapaloob dito. Sa katunayan, nang tanungin ang ilang mag-aaral kung ano para sa kanila ang plagarism, sang-ayon naman ang kanilang sagot sa nakasaad sa CAI. Ayon sa kanila, isang pagkubli ng katotohanan at pagnakaw ng likhang may kabiguang kilalanin ang pinagkuhanan ang pamamalahiyo. Ang sunod na bahagi marahil ay ang aksyong ginagawa ng mga Atenista ukol sa isyung ito.

Dalawang nakapanayam na estudyante ang umamin na nakagawa sila ng pamamalahiyo. Ang depensa ng isa, hindi raw niya nabatid nang lubusan kung ano ang nga ang pamamalahiyo. Kumapit naman sa patalim ang isa sa pagmamadali na matapos ang hinihingi ng kurso. Pangkaraniwan na ang mga ganitong klaseng dahilan na sinusundan ng pagnanais na mapadali ang trabaho.

Sa kabilang banda, may mga umiwas pa rin sa pagnanakaw na ito. Takot si Teofilo*, II AB Communication, na mahuli. Ayaw niyang mawala ang lahat ng kanyang pinaghirapan kaya umiiwas siyang magplagiarize. Isang manunulat naman si Clarencia*, I BS Management Honors. Bilang manunulat, ayaw niyang ninanakaw ang kanyang mga obra kaya ayaw rin niyang subukang magnakaw. Dagdag pa rito ang pagtuturo sa kanya na iwasan ang ganitong maling paraan ng mga magulang.

Pagdating sa patakaran ng Paaralang Loyola laban sa pamamalahiyo, hindi naman maitatanggi na pamilyar ang karamihan sa mga mag-aaral dito. Paanong hindi, makikita ang isyung ito sa lahat ng sulok ng Ateneo, sa syllabus ng mga guro, sa mga posters, sa mga memo, at kahit na sa mga social network gaya ng Facebook. Ayon sa mga mag-aaral, kailangan ang ganitong klase ng polisiya upang mapagpatuloy ang mataas na pamantayan ng unibersidad. Maaring mawala sa Ateneo ang kasalukuyang katanyagan nito sa Filipinas at sa buong mundo kung mawawala ang paghihigpit laban sa pamamalahiyo. Mawawalan din ng takot ang mga estudyante na magnakaw ng likha ng iba, ang isang aktong taliwas sa isinusulong ng unibersidad ukol sa moral na paghubog ng mga Atenista.

PANININDIGANG ATENISTA

Bagaman mayroon nang mga alituntuning dapat sundin ang mga mag-aaral upang makaiwas lumabag sa CAI, hindi nito sinisigurado ang tuluyang pakikiisa ng mga estudyante sa nais mangyari ng mga nakatataas. Hindi maaalis ng CAI o anumang patakaran ang katamaran, kakulangan sa kaalaman at ang mga maliliit na pagkakamaling maaaring mahatulan ng pamamalahiyo. Nasa estudyante pa rin ang huling desisyon kung susundin ba niya ang nararapat o mas pipiliin ba niyang tahakin ang tila mas madaling paraan upang mapadali ang trabahong kailangan tapusin.

May CAI man o wala, hindi pa rin mababago ang nakalulungkot na realidad ng pamamalahiyo. Mangyayari at mangyayari ito at hindi ito tuluyang mawawala. Para naman sa mga napaparatangan ng pamamalahiyo, ito ang hamon ni Mariano, “Paano ka babangon?” Sa huli, inidiin ni San Andres ang paghubog ng mga estudyante dahil hindi magagawa ng ADSA ang lahat dahil sa katapusan ng araw, may mga impluwensiyang hindi hawak ng Pamantasan na maaaring mang-akit sa mga mag-aaral sa paggawa ng pamamalahiyo. M

*hindi totoong pangalan

Talim ng Balintataw

Karayagan

kuha ni Ramil Ramirez
titik ni Micha Aldea
lapat ni Angela Muñoz

Mahal mo ako
dahil sa maningning kong mga mata
dahil sa makislap kong ngiti
dahil sa makinis kong mukha
at dahil sa mapula kong mga pisngi





Mahal mo ako
dahil sa matamis kong tinig
dahil sa marikit kong mga kilos
at dahil sa nakabibighani kong paraan
na pukawin ang lahat kapag ako'y nagsasalita

Kaya tinatanong kita ngayon



Mahal mo pa rin ba ako
kahit puno na ng kulubot ang aking mukha
kahit wala na ang kislap ng aking ngiti't mata,
at kahit wala nang gustong makinig
sa namamaos ko na ring tinig?





Mahal mo parin ba ako
kahit ako'y pinagdaanan na ng panahon
at kahit na ang ganda ko ay naiwan sa kahapon?

Hindi ka makasagot.

Mata sa Mata

Ugat at Pagbabago

Isang pagtanaw sa buhay ng isang manunulat-aktibista

nina Robert Alfie Peña, Raph Limiac, Rex Coz
lapat ni Janine Motos

Aktibista. Ganito mailalarawan si Trina Federis.

Radikal. Ganito ang isang aktibista.

Mula sa Lating salitang-ugat na radix, na ang kahulugan ay ugat, malayo-layo na ang narating ng salitang radikal. Malao't masasabi pang nagsanga-sanga na nga ang ugat at nagbigay-buhay at pundasyon sa ilang mga personang nakipaglaban at patuloy na nakikipaglaban para sa pagbabago at katarungang panlipunan. At isa na nga sa mga personang ito ang may ngalang Trina Federis.

PINAG-UGATANG KA-IBA

Ipinanganak si Trina sa Maynila noong Mayo 14, 1986. Isa siya sa apat na babae sa anim na magkakapatid. Kaiba sa kinamulatang mahirap na mundo ng mas nakararami sa kaniyang mga kababayan na kalauna'y ipaglalaban niya, sinalubong ni Trina ang isang maginhawa at komportableng buhay.

Mula nursery, elementarya, hanggang sa mataas na paaralan, pumasok si Trina sa Miriam College. Hatid-sundo siya mula sa kanilang bahay sa Cubao patungong Miriam. Para kay Trina, malaking bahagi ng pagkatao niya ngayon ay bunga ng paghubog sa kaniya ng Miriam, "'yong worldview ko ay hinubog ng isang exclusive Catholic girls school."

Labag man sa kaniyang nais ngunit dahil na rin sa kagustuhan ng mga magulang, pumasok siya ng kolehiyo sa Ateneo de Manila sa kursong AB Literature-English. Makalipas lamang ang isang taon, lumipat siya sa St. Paul University sa Lungsod Quezon. Kinuha niya ang kursong AB Mass Communication.

ANG PAGSUSULAT AY PAGPILI

Kahit noong bata pa, hilig na ni Trina ang pagsusulat. "Bata pa lang ako, nagsusulat na ako ng mga tula-tula, 'yong mga childish na tula-tula." Sa kaniyang buhay-hayskul, bahagi si Trina ng Magnificat, ang pahayang pangmag-aaral ng Miriam.

Naging bahagi rin si Trina ng Matanglawin sa kaniyang isang taong pagpasok sa Ateneo. Nang pumasok naman siya sa St. Paul, sumali siya sa The Paulinian, ang pahayagang pangmag-aaral ng pamantasan. Siya ngayon ang punong patnugot ng pahayagan. Siya rin ngayon ang pangulo ng College Editors Guild of the Philippines (CEGP).

Sa isang bahagi ng website ng pinamumunuan ni Trina na CEGP, makikita ang mga katagang "To write is to choose." Ang pagsusulat ay pagpili. Ayon sa kaniya, "Hindi ka magsusulat kung wala kang hinaing laban sa lipunang ginagalawan mo. Napili ko 'yon [ang pagsusulat]."

Isang pasya ang pagsusulat. At ayon kay Trina, mahalagang pamantayan—upang malaman ng mga nagpasyang magsulat ang kanilang papel na dapat gampanan—ang mga tanong na "Para kanino ka nagsusulat? Para kanino ka dapat nagsusulat?" Ang sagot ni Trina ay "para sa mga estudyante...tumutugon tayo sa pagmulat sa mga estudyante."

AKTIBISTA

Isang pasya rin para kay Trina na maging isang aktibista. Maaaring nahubog siya ng kaniyang mga pinanggalingang mga paaralan upang maging isang taong mulat sa kawalang-katarungan sa lipunan, ngunit sa huli't huli, isa pa ring pagpili ang ginawa ni Trina. Pinili niyang maging isang aktibista at tumulong sa mga naisantabi ng lipunan.

Sa paghahatid-sundo noon sa paaralan kay Trina, nakita niya mula sa mga bintana ng sasakyan ang mga namamalimos. "Nababahala ako bilang bata. Nakikita ko sila. Sinasabi sa akin, tamad sila kaya sila nandiyan, kaya sila naghihirap." Ngunit sa pagkakilala niya sa mga taong tinatawag na "tamad"—mga manggagawa, mga magsasaka—nabasag ang argumentong ginagawang makatarungan ang mapang-api at namamayaning idea. "Hindi sila tamad. Sila ang gumigising nang sobrang aga, natutulog nang sobrang gabi para lang makapagtrabaho."

Sa puntong ito napagtanto ni Trina ang pangangailangan niyang sumandig. Ayon sa kaniya, "dalawa lang naman ang klase ng tao, ang naninindigan para sa mga binubusabos at ang mga mapang-api. Ngayon, kung sasabihin mo, 'neutral ako,' ikaw ay sumasandig para sa status quo. Napili kong sumandig para sa mga inaapi."

Hindi buhay-aktibista ang pinapangarap na buhay ng mga magulang ni Trina para sa anak nila. Maaaring bigyang-kahulugan ng lipunan ang matagumpay na tao bilang mayaman at may malaking bahay, ngunit para kay Trina, sa buhay na napili niya siya nakahahanap ng kahulugan. "Sa buhay na 'to, nakakakuha ako ng meaning sa pagiging tao. Sa pakikipagkapwa-tao nakikita ko kung paano ako nagiging tao." Nagdesisyon si Trina para sa kaniyang mga paninindigan at sa huli, "natanggap naman nila [kaniyang magulang]."

Ang dominanteng nosyon ng aktibista ay nakakatakot. At ito ang nais itama ni Trina. "Pa'no ka ba tinawag na aktibista? Kasi ikaw ay isang radikal. Radical from the term radix, di ba 'yong root? Kasi tinitingnan mo 'yong ugat ng mga problema ng lipunan. Para sa akin, iisa lang [ang] tipo ng aktibismo. At 'yon na nga [ang] pagtulong sa sambayanang Filipino na naghihirap. Hindi dahil sa militante kaya may gulo, bagkus dahil magulo kaya may militante."



Ayon kay Trina, 10% lang talaga ng oras ng mga aktibista ang inilalaan para sa mga kilos-protesta o rally. Karamihan ng kanilang oras ay inilalaan sa mga pag-uusap, paghahanda, at pagpapalaganap ng mga kampanyang bitbit ng mga grupong tulad halimbawa ng CEGP o iba pang militante. At ginagawa ang mga kilos-protesta bilang pagtutol at pagbibigay-hinaing sa mga mapang-aping polisiya at gawain.



CEGP

Malaking bahagi ng pagiging manunulat-aktibista ni Trina ang CEGP. Ang CEGP ang pambansang alyansa ng mga mamamahayag-estudyante. Wala pa sa kaalaman ni Trina ang CEGP noong nasa hayskul pa lamang siya kahit na nagsimula talaga ang kaniyang aktibismo noong nasa ikalawang taon siya. Kasagsagan ang mga panahong iyon ng mga kilos-protesta upang mapatalsik sa puwesto ang noong Pangulong Joseph Estrada. Masaya pang ikinuwento ni Trina na may permiso pa mula sa paaralan ang pagsali sa mga kilos-protesta.

TO WRITE IS TO CHOOSE. ANG PAGSULAT AY PAGPILI. HINDI KA MAGSUSULAT KUNG WALA KANG HINAING LABAN SA LIPUNANG GINAGALAWAN MO.

- TRINA FEDERIS, MANUNULAT, AKTIBISTA



pagtanggal ng mga mapaniil na polisiya sa mga pamantasan.

Tila mahirap para sa kahit sino ang mabuhay sa katauhan ni Trina Federis. Bukod sa The Paulinian, pinamumunuan din niya ang isang pambansang organisasyon. Para sa kaniya, ang maayos na paglalaan ng oras at mga prayoridad lang ang susi kaya nagagampanan niya ang kaniyang mga responsibilidad. "Talagang CEGP, school, tsaka bahay lang [ang] buhay ko. Ano ba priorities mo sa buhay? Ako priority ko, magsilbi [at] maglingkod sa sambayanan."

HINDI DAHIL SA MILITANTE KAYA MAY GULO, BAGKUS DAHIL MAGULO KAYA MAY MILITANTE.

- TRINA FEDERIS, MANUNULAT, AKTIBISTA



Saka pa lamang niya talaga napag-alaman ang tungkol sa CEGP noong sumali siya sa Matanglawin. Ngunit hindi pa siya aktibo sa panahong ito. Naging talagang malay at aktibo siya noong lumipat na siya sa The Paulinian ng St. Paul. "Parang sa pag-ibig kaya ako sumali pero hindi rin naman kasi ako tatagal kung dahil lang doon. Minahal ko na rin ang CEGP."

Bilang isang pambansang organisasyon, nagiging lunan ang CEGP ng mga hinaing ng mga estudyante sa buong bansa. Sa ngayon, ang pagkaltas ng P1.1 bilyon ang punong isyung ipinaglalaban ng CEGP. Apektado ang lahat ng mga mag-aaral pampubliko man o pribado ang pamantasang kinabibilangan. Kung mababawasan ang pondo ng mga pamantasan ng estado, mapipilitan ang mga mag-aaral na tumigil o lumipat dahil magtataas ng matrikula ang mga paaralan. Para sa CEGP, para na ring tinanggalan ng karapatan ang mga mag-aaral sa edukasyon. Ipinaglalaban din ng CEGP ang kalayaan sa pamamahayag at

PAGTUBO PA

Sumasabay ang papel at panulat sa kalagayan ng lipunang ginagalawan natin. Sa pagpili kung sino nga ba ang dapat panigan at sandigan, hindi nalalayong matali ang aktibismo sa pagsusulat. Sa parehong paraan, natali na kay Trina ang aktibismo at pagsusulat.

May dahilan kung bakit ang batang ugat ang laging nakahahanap ng matabang lupa na magbibigay ng tubig at sustansya. Dahil ang batang ugat ang laging nasa unahan at siyang naghahanap. Para kay Trina, kailangang himukin ang kabataan na magkaisa para sa "mas malaking mga pagkilos para sa ikauunlad ng Filipinas."

Isang ugat lang si Trina Federis na tinitingnan ang ugat ng mga problemang panlipunan. Marami pang ibang nakikibaka. At nagtataya pa siya na may mga bago pang magsasangang ugat. Ngunit tila tatanda siyang isang ugat. "Hanggang mamatay ako, gusto ko pa rin maging aktibista. Kasi naniniwala ako, ito talaga 'yong landas na dapat kong tahakin dahil ito 'yong tamang landas." M

Sigaw ng Bayan



Sistemang Kabataan, Sistematiko nga ba?

Alamin ang kalakasan, kahinaan at maaaring gawin para sa SK

Nina Xavier Roel Alvaran, Kevin Ross Nera, at Kevin Marquez
mga kuha ni Alfie Peña at Jeudi Garibay
sining ni Nikka Anatalio
lapat ni Dylan Valerio

Sa kabila ng mga panukala ng iilang mga politiko tulad nina Sen. Eduardo Angara at Sen. Aquilino Pimentel upang tuluyan nang buwagin ang Sangguniang Kabataan (SK), idinaos noong Oktubre 25, 2010 ang halalang pambarangay. Ang dinamiko sa pagitan ng mga nagtutulak ng pagbuwag at ang mga nagtutulak ng reporma sa SK ang siyang pangunahing debate sa konteksto ng nasabing eleksyon. Dahil sa mga panawagang ito, hindi maikakailang may problema sa kasulukuyang pamamalakad ng naturang sangay na ito ng gobyerno upang magdulot ng ganitong uri ng krisis.

PINAGMULAN NG SK

Nagsimula ang SK noong panahon ni dating Pangulong Ferdinand Marcos. Tinawag itong Kabataang Barangay (KB). Inilabas ni Pangulong Marcos ang Presidential Decree (PD) 684 na siyang lumikha sa KB upang mabigyan ang kabataan ng pagkakataon na makisangkot sa mga pangyayari sa kanilang lipunan at maging tagapagbigay-impormasyon sa kabataan.

Sa kabila ng mga nagawa nito, maraming kontrobersiya ang ibinaling sa KB noong panahon ng Batas Militar. Kasabay ng pagbuwag ng KB ang mga panukala na gumawa ng National Youth Commission (NYC) at ang paglikha ni dating Pangulong Corazon Aquino ng Presidential Council for Youth Affairs (PCYA). Ang pinagsamang mga ideya ng dalawang naturang grupo, sa tulong ng Kongreso, ang siyang lumikha sa kinikilala nating SK ngayon na nananatiling bukod-tangi sa buong mundo.

Ayon sa Republic Act 7160 (RA 7160) o "Local Government Code of 1991" na siyang ipinasa ni Senador Aquilino Pimentel, itinatakda ng batas na dapat magkaroon ang bawat barangay ng Katipunan ng Kabataan (KK) na siyang bubuuin ng lahat ng mga kabataang nasa edad 15 hanggang 21 na nakatira sa nasabing barangay at ng SK na siyang bubuuin ng isang tagapangulo o chairman, pitong miyembo o kagawad, isang kalihim, at isang ingat-yaman na siyang halal ng mga kasapi ng KK.

Ayon sa Seksyon 426 ng RA 7160, isa sa mga pangunahing tungkulin ng SK ang paglikha, sa tulong ng mga organisasyong pangkabataan sa loob ng barangay, ng mga patakaran at ang pagpapatupad ng mga programa batay rito upang paunlarin ang iba't ibang aspekto ng buhay ng kabataan. Bukod dito, nakasaad sa Seksyon 387 ng RA 7160 na kinikilala bilang ex-officio ang SK Chairman sa SB na siyang lehislatibong katawan ng barangay kung saan nagtataglay siya na kaparehong kapangyarihan sa ibang mga kasapi nito. Hinihirang din siya bilang puno ng Komite sa Kabataan at Isports.

Mababatid na may kalumaan na ang mga probisyong nakasaad sa batas na ito at dahil na rin sa mga pag-aalinlangan kung naisasakatuparan nga ba ang mga ito, tila napapanahon at lalong umiigting ang mga panawagan upang magkaroon ng malaking pagbabago sa tila hindi mabisang sistemang kasalukuyang namamayani sa SK.

KATANGI-TANGI SA BUONG MUNDO

Sa kabila ng sitwasyon ngayon ng SK, kinikilala pa rin na sa buong daigdig ang Filipinas lamang ang may istruktura ng pamahalaan kung saan ang kabataan ay may matatag na representasyon hindi lamang sa lokal kundi pati rin pambansang nibel ng pamamahala.

Binigyang diin ni Dr. Alma Salvador, kasalukuyang puno ng Kagawaran ng Agham Pampolitika ng Pamantasang Ateneo de Manila, na ang Filipinas ay may interesanteng pamamaraan ng pagsasaayos ng pamahalaang lokal nito. Aniya, "Ang pagkakaroon ng [Sangguniang Kabataan



"HINDI MATATAWARAN ANG REPRESENTASYON NG KABATAAN SA PAMAHALAAN."
—RAYMOND "MONG" PALATINO, KINATAWAN NG KABATAAN PARTYLIST

sa] barangay ay nagpapahayag ng pagpapahalaga sa representasyon sa nibel ng pamayanan."

Ayon naman kay Millard Lim, M.A., isa ring guro ng Agham Pampolitika sa Pamantasang Ateneo de Manila, mas mainam na mayroon tayong ganitong sistema kaysa magreklamo ang mga kabataan at makibaka upang makilahok lamang sa pamamahala. Naniniwala siya na higit na may bentahe kumpara sa sistemang elitista ang anumang sistemang inklusibo gaya nito. "Kapag naitatag na ang inklusibong mga institusyon, susunod na ang paglinang ng kakayahan ng mga kasali sa pamamahala," dagdag niya.

Naniniwala rin si Mong Palatino, kinatawan ng Kabataan Partylist sa Mababang Kapulungan, na tunay ngang napakahalagang magkaroon ng boses ang kabataan sa lipunan. Batid niya, "Hindi matatawaran ang representasyon ng kabataan sa pamahalaan." Nabibigyan umano ng oportunidad ng SK ang kabataan upang ganap na makisangkot.

MGA PUNA

Bagaman kinikilala ang kahalagahan ng Sangguniang Kabataan sa lokal na pamahalaan, hindi maiiwasan ang pagpuna sa kakulangan ng SK. Ang usapin sa edad ng mga miyembro ng SK ang isa sa mga importante isyung ikinababahala ng Kagawaran ng Interyor at Pamahalaang Lokal (DILG).

Ayon sa Punong Sekretarya ng DILG na si Jesse Robredo, hindi pa hubog ang kasalukuyang edad ng SK upang makisangkot sa pamahalaan. Mahalaga rin sa kanya na tukuyin muna ang naging papel ng kasaysayan kung bakit nagkaganito ang itinakdang edad para sa SK. Binanggit niya na maraming naging suliranin sa mga nakaraang halalang pambarangay dahil lamang sa komplikasyon sa saklaw ng gulang ng mga kasapi nito. "Dati ang SK, 15-21. Ang problema doon, sabay ang halalan ng barangay at SK. Para hindi dalawang beses boboto yung mga nasa gulang 18 hanggang 21, ginawa nilang 15-17." Dagdag sa kanyang pahayag, tinukoy niya na ang isang dapat na procedural problem na ito ay naging isang substance problem. "Ang cure nila, binabaan nila ang edad para hindi bumoto nang dalawang beses. Ang kinatapusan, hayan ang SK mo, hilaw."

Sumasang-ayon din si Salvador na hindi pa nga hinog ang gulang na ito lalunglalo na sa pakikibahagi sa katawan ng lehislasyon sa barangay. "Mukhang napakabata ang gulang na 15 hanggang 17 upang magbigay ng informed choice para sa lehislatura na walang superbisyon mula sa mga may karampatang karanasan. Sa aking palagay, ang SK [council] ay hindi dapat magkaroon ng kapangyarihang gumawa ng mga ordinansa."

Taliwas naman sa mga naunang nabanggit ang opinyon ni Lim. Naniniwala siya na mayroon nang kakayahan ang SK sa nasabing nibel. "Hindi naman inaasahan na makisangkot o makilahok sila sa mga usaping lokal o pambansa sa nibel ng mga nakatatanda. May naaayon at naaangkop na uri ng pakikilahok na babagay sa mga kabataan. Iyon lang ang inaasahan sa mga miyembro ng SK."

May kaugnayan ang naging saloobin ni Palatino sa pahayag ni Lim. Aniya, ang SK ay binubuo ng mga kabataang ang pangunahing tunguhin sa teknikal na aspekto ay bigyang-boses ang kanilang sektor. "Masyado yatang mataas ang expectations natin sa kanila," dagdag niya. "Anong tingin natin sa kanila? Mga barangay-tanod?" Kung pakikisangkot naman ang pag-uusapan, "Puwede na ang kabataan ngayon makisangkot sa politika pero hindi ako sigurado sa edad para humawak ng posisyon sa gobyerno," pag-aalangan niya.

Bukod sa nabanggit na usapin, nananatiling nakakatakot na senaryo rin ang mga maaaring paggamit sa SK sa maruming politika ng mga nakatataas na sangay ng pamahalaan upang mas pahabain pa ng mga traditional politicians o trapo ang kanilang impluwensya. Sa implikasyon ng pahayag ni Palatino, natural lamang na maimpluwensyahan lalo na ng SB ang SK. Wika niya, "Training ground ang SK kaya naiimpluwensiyahan sila kasi ang mga opisyales ng barangay ang nagsasanay sa kanila." Ayon sa kanya, kahit pa gawing isang youth representative na lang, hindi raw ito makaliligtas sa impluwensya. "Ano ang magiging assurance [ng DILG] na hindi magiging vulnerable ang isang youth representative sa dirty politics?" saad niya.

MGA REKOMENDASYON

Isa sa mga napag-uusapang solusyon ng magkabilang mga kampo ang pagpapataas ng gulang ng mga kabataang maaaring lumahok sa SK. Ayon kay Palatino na siyang naghain ng House Bill 1963 na naglalayong palawigin ang edad ng mga

Pananalapi ng Sangguniang Kabataan

Ukol naman sa usaping pinansyal, nakasaad sa batas na nakatalaga ang 10% ng pondo ng barangay para sa pagpapatupad ng mga proyekto ng SK Council. Ayon naman sa Artikulo 9 ng 2001 Katipunan ng Kabataan at Sangguniang Kabataan Constitution and By-Laws, ang alokasyon ng pondo ng SK ay mahahati sa tatlo. 40% na siyang pantay na hahatiin para sa Green Brigade, Livelihood, Capability Building, at Anti-drug abuse campaigns. 58% para sa mga proyekto para sa edukasyon, kalusugan, at iba pang programang nakatuon sa ikauunlad ng kabataan. Kasama rin dito ang mga proyekto para sa imprastraktura at palakasan. Nakalaan ang natitirang 2% para sa mga taunang bayarin ng SK. Alinsunod dito, nakatakda rin sa Seksyon 426 ng RA 7160 na kinakailangan ng SK na magsumite ng isang ulat pinansyal pagkatapos ng bawat taon at sa dulo ng bawat termino.

kasapi ng SK, isang hindi matatawarang salik ang pagbabago sa mga naunang probisyon. Hangga't maaari, bukas ang kanilang grupo na ipaglaban sa Kongreso ang pagtaas nito hanggang sa gulang na 25. Ipinaliwanag niya na kailangang gawin ito upang makapasok sa mga kontrata at magkaroon ng awtoridad ang SK.

Pagsang-ayon ni Lim, hindi dapat bababa sa gulang na 18 ang lahat ng maihahalal na SK Chairman upang mayroon na silang legal na kapasidad na pumirma sa mga dokumentong opisyal.

Ang pagpapalagay naman sa kasanayan ng edad na ito ang tinitingnang anggulo ni Robredo. Naniniwala siya na ang mababa ang tingin ng ilan kung masyadong bata ang nanunungkulan, "Alam mo, kung ikaw 16 na taong gulang at may youth program [ka] sa barangay, paano maniniwala sa 'yo ang 25 taong gulang? Ang tingin sa 'yo ay totoy pa." Pinaninindigan din niyang maraming kahingian upang maging karapat-dapat ang isang kabataan sa posisyon ng SK at mabuo ang tiwala ng kapwa niya kabataan. "Una, dapat meron kang leadership experience. Ikalawa, dapat mature ka na. Makikibagay ka sa mga taong malamang ay hindi sasang-ayon sa iyo. Ikatlo, importante na ang credibility mo sa youth sector, mataas. Mangyayari lamang iyon kung kasama sila [edad 18-25] sa humalal sayo."

Binigyang-tuon din ni Robredo ang pagpapalawig ng edad bilang mekanismo upang mapigilan ang maruming eleksyon. Ayon sa kanya, kung magiging mas maluwag ang kahingian sa edad, maiiwasan ang salaulang pangangampanya gaya ng vote buying. "Iyong maliit na constituency is more prone to vote buying and vote manipulation against a bigger constituency. Isipin mo, kung ang SK ay 15-25, ang dami ng botante niyon. Hirap na hirap na siyang [kandidato] mag-vote buying doon."

Kaakibat ng mungkahi ni Robredo na pataasin pa ang edad ng SK, isa rin sa kanyang mga panukala ang gawin na lamang isang youth representative na magiging kasapi ng SB sa halip na may SK council dahil sa sinasabi niyang kahinaan nito. Aniya, "Ako, pro-abolition of SK Council. Bakit? Wala naman silang saysay! Hindi naman sila makapagppaasa ng batas, bawal naman iyon sa kanila[ng edad]."

Kawalan ng insentibo ang kanyang tinutukoy na dahilan ng mababang kalidad ng paggawa ng SK Council. "Wala namang honorarium ang SK Council kaya ang gagawin nila, they circumvent the provision. Meron silang parang travel allowance, at iba pa, at iyon na ang kanilang sahod."

Kinakitaan naman ni Palatino ng positibong argumento ang kawalan ng insentibo ng SK Council. Sa kanyang opinyon, dapat kilalanin ang SK Council bilang young volunteers dahil nagsisilbi sila sa kabataan nang libre. Tugon niya, alam naman ng SK Council na wala silang matatanggap na suweldo bago pa man sila tumakbo. Sa ganitong paraan, mas nahuhubog ang kabataang magsilbi sa bayan ng may malinis na intensiyon at walang hinihintay na kapalit. Isa pa, kanyang isinaad, "Ano bang mawawala kung nandyan ang SK Council? Wala namang ibinabayad sa kanila."

"Kung wala namang karadagang gastos ang pamahalaan at taxpayers sa pananatili ng SK, bakit kailangan pa itong pag-initan? Palakasin na lang at repormahin para lalong maging kapaki-pakinabang", sang-ayon ni Lim.

"ANG CURE NILA, BINABAAN NILA ANG EDAD PARA HINDI BUMOTO NANG DALAWANG BESES. ANG KINATAPUSAN, AYAN ANG SK MO, HILAW."
—JESSE ROBREDO, PUNONG SEKRETARYA NG DILG



TUNAY NA PROBLEMA

Totoo nga na sa dami ng isyu na naglipana sa kasalukuyang sitwasyon ng SK, masasabing nagkakaroon na nga ng kabulukan ang sistemang ito. Ngunit taliwas dito, hindi itinuturing ni Palatino na solo sa krisis ang SK. Diin niya, "Hindi dapat i-single out ang SK sa problema sa political dynasty kundi iyung buong sistema ng politika ng bansa." Base sa kanyang pahayag, repleksyon lamang ng maruming sistema ng politika sa pambansang antas ang nadungisan ring sistema ng SK.

Dagdag pa ni Palatino na upang maging mabisa, ang kailangan ng SK ay pressure from the outside. Nababahala siya sa ilang kabataan na iniisip na dahil sa may nahalal nang SK, natatapos na rito ang kanilang pakikisangkot sa politika. Aniya, "Politics is more than just the elections. There should be a strong constituency outside the established structure of power."

Dagdag pa ni Lim, mahalaga ang sigaw ng publiko sa SK upang magampanan nila ang kanilang mga tungkulin. Hinuha niya, kaya walang litaw na agenda ang SK ay dahil baka wala ng interes ang tao. "Walang kahingian na may gawin ang SK, kaya ang SK wala ring masyadong ginagawa."

Naniniwala si Palatino na dapat ay maging mga mata't tainga ang mga SK at tagapagtaguyod ng anti-corruption. Hinihiling niya na maging matapang sila sa pagharap ng mga haharaping pagsubok at huwag mangambang maging mga batang whistle blowers. Sambit niya, "Sa halip na ang SK ang lamunin ng sistema, hamunin nila ang sistema."

Hamon naman ni Robredo sa kabataang Filipino, "We have [already] elected SK officials until 2013. Ang pinakabilin ko na lamang, you look at this as a challenge. Duda ang tao na makabubuti ito para sa atin. Pero palagay ko, tanggapin na lamang ito bilang isang hamon. Patunayan nyong mali ako. Malay natin talagang mali ako." M

Alagad ng sining, Alagad Ang sining

nina Rex Coz, Gerald Pascua at Tin Pascual
sining ni Mich Garcia at Jake Dolosa
lapat ni Geneve Guyano at Dylan Valerio

L'ART POUR L'ART

Sa isang akda ni Benjamin Constant na nailathala sa Journal intime sinasabing unang lumabas ang kasabihang l'art pour l'art o art for art's sake. Naniniwala ang mga tagapagtaguyod nito na maaaring ihiwalay ang sining sa anumang layunin tulad ng pagtuturo ng moralidad o pag-papalaganap ng ideyang politikal. Hindi dapat naaalipin ang sining sa anomang katuturan maliban sa pagpaparangal sa sining mismo. Ngunit hindi sang-ayon ang lahat sa ganitong pagpapalagay. Sa katunayan, may mga nagsasabing dapat gawing sandata ang sining upang lumaban sa panig ng uring anakpawis. Sa mga bansa sa Africa, halimbawa, ginamit ng mga manunulat tulad nina Senghor at Achebe ang panitikan upang punahin ang epekto ng kolonyalismo.

Kung babagtasin ang itinakbo ng sining sa Filipinas sa nakalipas na limang dekada, makikitang nakapinta sa kasaysayan nito ang tunggalian ukol sa katuturan ng sining.


DEKADA PORMALISTA

Nangibabaw ang pagsasaalang-alang sa estetika at porma sa sining noong 1950s. Nagpatuloy ito sa panahon ng mga Marcos kung saan nagkaroon ng bagong diin para sa sining at kultura.

Ayon sa batikang kritiko at akademikong si Epifanio San Juan Jr., ganoon na

lamang kung ituring ng ilang mga Filipinong manunulat ang mga akdang tumatalakay sa isyung panlipunan bilang Tendenzkunst o walang katuturang propaganda noon. Patunay niya ang pagbansag sa mga gawa ni Carlos Bulosan bilang journalese o mala-peryodista, malayo sa pamamaraang Jose Garcia Villa o Nick Joaquin na siyang kinikilalang pamantayan ng pagiging masining. Higit na may pagpapahalaga sa anyo at porma ng panitikan kaysa nilalaman.

Sa mga salita ng dating unang ginang Imelda Marcos, dapat na dumakila lamang sa katotohanan, kabutihan at kagandahan ang sining. Gayunpaman, taliwas sa kung ano ang tunay na nagaganap sa lipunan noon ang katotohonang tinutukoy niya. Ayon kay Fernando Zobel de Ayala, pangulo ng Cultural Center of the Philippines (CCP) noong panahong ito, hindi makakalikha ng magandang larawan ang bahid ng politika[1]. Gayunpaman, sa mga sumunod na taon, pinanindigan pa rin ng CCP ang hindi pagkakaroon ng makapolitikang oryentasyon sa sining.



SAAN




Isa pa sa mga naging katangian ng pagsusulong sa sining na may makaelitistang pagkiling ay ang tangkang makipagsabayan ng Filipinas sa mga pamantayang pandaigdigan. Ilan sa mga halimbawa nito ang pagkakaroon ng mga kultural na mananayaw na sumasalubong sa mga kinatawan ng ibang mga bansa sa paliparan (batay sa nasaksihan ng unang ginang Marcos sa paliparan ng ibang mga bansa), pagbubukas ng Folk Arts Theatre para sa Miss Universe noong 1974, at partisipasyon sa mga art forum.


Sa isang banda, naging mahigpit ang sensura at nagkaroon ng panggigipit sa mga akdang naglalarawan sa panlilimahid ng lipunan. Tanging yaong mga katanggap-tanggap lamang sa mata ng mga nasa katungkulan ang pinayagang makalusot. Gayunpaman, hindi napigilan ang produksyon ng sining na tumatangkilik sa panlipunang realismo.

TRADISYONG MAPAGHIMAGSIK

Sa kabila ng sensura sa sining noong panahon ng batas militar, hindi napigilan ang pagsulpot ng realismong panlipunan sa Filipinas. Layunin ng sining na ito na maipakita ang kawalan ng pagkapantay-pantay at katarungan sa bansa, at gisingin ang damdaming nasyonalista sa mga Filipino. Pinasok nito ang iba't ibang larangan ng sining gaya ng pagpipinta at panitikan. Naroon din ang mga kontemporanyong larangan gaya ng pelikula, teatro at musika. Halimbawa nito ang pag-usbong ng Manila sound na kilala na ngayon bilang OPM. Nanatili namang buhay ang rebolusyon sa mga pahina ng panitikan ng tulad nina Carlos Bulosan, Amado V. Hernandez at Jun Cruz Reyes, Jose Maria Sison at marami pang iba.



TAYO



Tinitingnan ni Yael Buencamino, managing curator ng Ateneo Art Gallery ang paghuhulma ng imahe ng sining sa Filipinas sa nakalipas na limang dekada ay mula sa kultural na pagtanaw. Panahon raw ito ng patuloy na pagbuo ng pagkakakilanlan ng Filipinas—isang tema ng realismong panlipunan sa sining. Sa pagpapakahulugan ni Alice Guillermo, isang kritiko sa larangan ng sining, tumutukoy ang temang ito sa isang politikal na oryentasyong nagsusulong sa pagbabago batay sa nararanasang panggigipit ng mga mamamayan.

Ayon kay Buencamino, isang kritisismo laban sa realismong panlipunan ang pagiging "uso" nito. Nagpatuloy lamang ang realismong panlipunan dahil sa pagiging patok nito sa mga tao. Tinatangkilik lamang ang ganitong uri ng sining dahil ito ang gusto ng mga tao at narito ang kita. Dahil dito, sinasabing napigilan ang pag-unlad ng sining sa Filipinas at nanatili na lamang sa realismong panlipunan. Isa pang kritisismo sa uri ng sining na ito ang pagiging maka-masa nito. Paano raw ito magiging totoong sining kung hindi ito itinuturing na sining ng mga "dalubhasa", at ang masa lamang ang may gusto rito?

Hindi naman sang-ayon sa nasabing pagpapalagay si G. Francis Gealogo, guro ng Kasaysayan sa Ateneo. Sa panayam ng Matanglawin kay Gealogo sinabi niyang makikita sa ating kasaysayan na hindi "uso" ang realismong panlipunan. Sa katunayan, matagal na itong naroon sa ating lipunan, na makikita natin sa mga likhang sining noong panahon ng mga Kastila gaya ng mga nobela ni Jose Rizal at mga tula ni Francisco Balagtas. Ayon kay Gealogo, matagal nang naririto ang realismong panlipunan sa bansa. Hindi ito biglang umusbong at sumunod na lamang ang lahat sa bagong uri ng sining na ito.

Naniniwala si Gealogo na kailangan ding tingnan kung ano talaga ang uri ng sining na nasa kontekstong Filipino. Naiangkop

na natin sa ating lipunan ang sining na ito, at ito ang sumasalamin sa totoong kalagayan ng bansa. Ito ang uri ng sining na mas mahalaga para sa isang bansang nababalot ng kaguluhan at pagkubli ng katotohanan sa mga tao.

PAGDALUYONG

Para kay Gealogo, maaaring ituring ang sining na isang daluyong. Taliwas sa pagtingin sa pag-iral ng mga uri ng sining (tulad ng panlipunang realismo) bilang yugto-yugto at napapanahon, sinasabi niya na hindi nagwawakas at napuputol ang anumang uri ng sining. Sa halip, nakikisabay ito sa kalagayan ng lipunan at tanging ang pamamaraan lamang ang nagbabago ayon sa kahingian ng bawat panahon. Sa isang lipunang lugmok sa sistemang iilan lang ang naghahari at tagibang ang pag-unlad, inaaasahang ganoon din ang kahihinatnan ng sining. Bagkus, nagiging larangan at lunsaran ito ng kontradiksyon kung saan lagi't laging may mga magsusulong ng sining batay sa kani-kanilang pagpapahalaga.

Sang-ayon sa ganitong pagtingin si G. Ramon E.S. Lerma, director at chief curator ng Ateneo Art Gallery. Sa panayam ng Matanglawin kay Lerma, sinabi niyang hindi maaaring ikahon bilang simpleng tagisan lamang ng mga diyalektiko ang pag-unlad ng sining sa Filipinas. Maaring magsilbing entablado ang sining upang tugunan hindi lamang ang personal kundi pati na rin panlipunang pangangailangan. Dagdag pa niya, "Art is a valid and important platform for addressing social inequity and for enlivening civic pride and our sense of self." Naniniwala si Lerma na maituturing pa ring sining ang anumang may politikal, sosyal o personal na pagkiling.

ATENEO ART GALLERY

Kinikilala bilang pinakaunang modernong museong pangsining sa bansa, kasalukuyang pinagdiriwang ng Ateneo Art Gallery ang ikalimang dekada nito. Pinasinayaan noong Agosto 19, 1960 sa Bellarmine Hall, at lumipat noong 1967 sa Rizal Library, naging saksi ang Ateneo Art Gallery sa pagdaluyong ng kontemporanyong sining ng Filipinas. Noong Hunyo 30, nagbukas ang eksibisyong Fractions of an Intangible Whole: Philippine Social Realism in the Ateneo Art Gallery. Tampok dito ang ilan sa mga likhang sining na lumitaw sa panahon ng batas militar at ilang mga kontemporanyong akda.

Hindi maitatangging isa sa mga temang nangingibabaw sa mga likhang sining sa Filipinas na lalo pang tumingkad sa panahon ng batas militar ang panlipunang realismo o social realism. May malinaw na pagkaka-ugnay ang ganitong uri ng sining sa masa, ngunit ang nakalulungkot ay pagbibigay ng mas mababang pagkilala rito.

Dahil sa mga kaguluhang nangyari sa Filipinas noong dekada '70, idineklara ni Marcos ang batas militar noong 1972. Sa bisa nito, naging sentralisado ang gobyerno at naging mahigpit ang sensura sa media at sining. Gayumpaman, hindi ito naging dahilan upang matigil ang manunulat at manlilikha ng sining upang makapagpahayag.

ELITISMO?

Nang tanungin kung elitismo ba ang sensibilidad ng sining sa Ateneo, nilinaw muna ni Lerma kung ano nga ba ang pagpapakahulugan sa elitism. Paliwanag niya, "If by this you mean art that is not populist, or art that necessitates thought and discernment, I would say yes, it is "elitist," but it is not "classist." Ngunit paglilinaw ni Lerma, hindi lamang bukas para sa mayayaman ang sining ng Ateneo Art Gallery. Bukas ito para sa lahat nang may kakayahan at kagustuhang umintindi sa kung anong nailalantad sa kanilang museo.



PAPUNTA?

"TO BE A TRUE ARTIST THEN IS TO BE A PARTISAN OF THE REVOLUTIONARY MOVEMENT, TO WORK FOR THE TRIUMPH OF A SOCIAL AND ECONOMIC DEMOCRAT FOR THE MASSES. ART IS A PRODUCT OF AND WEAPON IN THE CLASS STRUGGLE."

-EPIPHANO SAN JUAN, JR., MANUNULAT

ALAGAD NG SINING O ALAGAD ANG SINING?

Mula sa mga mga saloobin ni Gealogo, makikita rin na hindi maihihiwalay ang sining at ang mga kritiko ng sining, mula sa kultura at lipunang ginagalawan nito. Sa kasalukuyan, hindi maikakailang may bahid pa rin ng panlipunang realismo ang karamihan sa mga akdang naglilitawan. Higit pa sa pagtuturing dito na pagkakapako o pangingibabaw ng iisang uri ng sining, mas mainam na makitang bahagi ng kulturang Filipino ang ganitong tahakin. Higit pa sa estetika, mainam na maantig sa kung ano ang ipinahihiwatig ng isang larawan batay sa kalagayang sinasalamin nito.

Sa mga kritikong nagsasabing nakasasagabal ang panlipunang realismo sa pagyabong ng makabagong uri ng sining sa bansa, mahalagang tingnan kung ano ang pinanggagailangan ng sentimiyento nila. Sagabal ba ito saan? Sa sining na dumadakila sa pamamaraan ng mga dayuhan? Sa mga nagsusulong ng pormalistang sining, maaaring itong uri ang nakikita nilang makakabuti para sa larangan ng sining. Gayunpaman, para sa mga sumusubok na pigilan ang paglaganap ng panlipunang realismo upang ikubli ang katotohanan, maaaring repleksyon ito ng karuwagan at pagkagambala sa mga bagay na sila mismo ang may pananagutan.

Sa huli, mahalagang makita na hindi maiiwasang may panigan ang larangan ng sining. Pormalista man o realismong panlipunan, may kinikilingan at layunin ang mga nagsusulong nito. Gayon din, masasabing hindi maaaring manatiling obhetibo ang kritisismo sa sining. Bagkus, hindi dapat ipa-isang tabi ang kontekstong ginagalawan ng sining at ng mga kilatista nito sapagkat sa huli, mas mahalagang tanungin kung may nakikinabang ba sa tunguhin ng sining na isinusulong. Para kanino at tungo saan ang sining na ito? M

* * *

1] Baluyut, 2004, p.44: "political color cannot create a beautiful painting"

Kilatista

TALIM NG BIBIG LABIS NA PAKIKINIG

ISANG KRITIKAL NA PAGTINGIN SA FACE-TO-FACE

nina Jan Fredrick Cruz, Marvin Lagonera at Karla Placido
lapat ni Eldridge Tan

Isa sa mga pinakasikat at pinag-uusapang palabas ngayon ang Face-to-Face. Kinabog pa nito ang mga dating kinahuhumalingang telenovela at Koreanovela sa telebisyon dahil sa drama at tensyong itinatanghal nito sa bawat palabas. Maaaring sabihin na pinasisikat ito ng pagiging tsimoso't tsimosa ng mga Filipino. Ngunit hindi lamang ito manipestasyon ng ganitong ugali, bagkus ay sintomas na rin ng namumuong bagong konsepto ng entertainment at komersalisasyon sa media.

ESPEKTAKULO SA ENTABLADO

Bilang tinaguriang "barangay hall on air," layon ng palabas na pagharapin ang dalawang di-magkasundong panig upang mapag-usapan nang harapan ang kanilang alitan, at sa huli ang pagpapalagay na maayos ang kanilang problema. Ngunit bago humantong sa pagkakaayos na ninanais kadalasang nagkakaroon ng palitan ng maaanghang at bulgar na pananalita, maging ng panunumbat. Nagbubunsod ito upang maging agresibo ang mga panauhin at mauwi sa mararahas na paraan. Hindi maikakailang nakapupukaw ng atensyon ng mga manonood ang drama at aksyon na nilalaman ng Face-to-Face.

Higit na nagiging tampok ang kaguluhang nagaganap sa entablado kaysa sa kaayusang nais nilang matamo. Kinakailangan pa nga ng dalawang bouncer upang mapigilang lumala ang iringan sa pagitan ng magkabilang panig.

Nagiging espektakulo din ang bawat palabas lalo na nga't ang ilan sa mga problemang tampok sa palabas ay hindi iyong karaniwang ibinibilad para sa pang-uusisa ng publiko.

Sa panayam ng Matanglawin kay Jose Wendell Capili, propesor ng Panitikang Pahambing sa Unibersidad ng Pilipinas-Diliman, binanggit niya na ang ganitong pagtuon ng Face-to-Face sa mga isyu na may "shock value" at may "sense of sensationalism" ay isa sa mga salik upang pumatok ng naturang programa. Dagdag pa niya, "Kapag ang isang personal na bagay ay ginagawa mong pampubliko – inilalantad mo ang baho nila sa madla – nagkakaroon ng oportunidad hindi lamang ikaw o ang kalaban mo na pag-usapan ang problema niyo, nagiging kasangkot ang mga taong nanunuod dahil sa shock value ng mga bagay na pinag-uusapan," dagdag pa niya.

ANG SABUNGAN SA ERE

Bukod pa sa umiikot ang programa sa pagiging isang uri ng espektakulo, tila nagiging bahagi rin ng palabas ang pagsasabong sa mga taong sangkot sa problema. Pinaiigting pa ng mga sawsawero't sawsawera ang mainit na ngang bangayan. Binibigay kasi ng mga prodyuser sa mga nakikisawsaw ang kakayahang magpahayag ng kanilang komento o saloobin ukol sa problemang inilalatag sa telebisyon. Nagkakaroon ng dagdag na pag-uudyok na nagreresulta sa mas lumalang alitan, na masasabi nga nating kasama sa daloy ng programa.

Dagdag pa rito, batay sa mga naging pag-aaral ni Jonnabelle Asis, propesor ng Sociology of Mass Communications sa UP, sa mga variety shows at talk shows, nagkakaroon ng mga "pep talk" sa mga panauhin ng programa bilang bahagi ng balangkas na kanilang sinusundan.

"Sa mga talk show na ganyan, gaya ng Face-to-Face, ang mga panauhin ay nahahati: ang Naapi, ang Nang-api. Sa Naapi, sasabihin nila, 'Ikaw ang agrabyado dito', 'Huwag kang matakot ibahagi ang lahat,' "Nasa tama ka" at iba pa," paghahayag ni Asis. "Tapos sasabihin nila sa Nang-api, 'Papayag ka ba na hindi marinig ang

ANG MGA TAO AY WALA NANG KONSEPTO KUNG ANO ANG PAMPUBLIKO AT KUNG ANO ANG PRIBADO. KAHIT ANO NA LANG AY PWEDENG ILABAS AT PAG-USAPAN SA PAMPUBLIKONG ARENA. NAGIGING USAPING PAMPUBLIKO ANG MGA BAGAY NA DAPAT, SA PALAGAY KO, AY PANGPRIBADO LAMANG – IYONG MGA TAMPUHAN, IYONG MGA MALILIIT NA GALIT NA HINDI NAMAN 'MAJOR-MAJOR'
-JOSE WENDELL CAPILI.

panig mo kung gusto mong maunawaan ka?" pagbabahagi ni Asis.

Isiniwalat pa ni Asis na ang mga pagka-kausap na ginagawa ng mga TV prodyus-er sa mga panauhin ay paghahanda sa po-sibleng away sa gitna ng programa. Ang mga sandaling ito ng iyakan, sapakan, at anumang tunggalian sa loob ng palabas ay tinatawag na "the money shot".

MGA SAWSAWERO'T SAWSAWERA: ANG KULTURA NG TSISMIS

Napupukaw din ng Face-to-Face ang pagkamausisa ng tao sa pamamagitan ng pagtatampok sa mga problemang nakagugulantang o di-pangkaraniwan, kung kaya naman naeengganyo ang mga manonood na tumutok sa telebisyon at panuorin ang programa.

Kaiba sa karaniwang akala na Filipino lamang ang may kultura ng tsismis, niliwanag ni Capili na hindi ito natatang-ing ugaling Filipino. Ayon pa sa kanya, "Kahit saang lugar, gustong-gusto ng mga tao na pag-usapan ang kanilang kapwa. Kaya mahirap panindigan na usisero ang mga Filipino dahil sa iba't ibang bansa may usisero't usisera [at] tsismoso't tsismosa."

Dagdag pa ni Capili, "Kahit na sa personal na kapasidad na lamang [dapat] pinag-uusapan, kapag ito ay pinag-usapan sa telebisyon – sa isang arena – o ginawang pampubliko, pangmadla, nag-kakaroon ng interes ang mga tao. Kasing simple ito ng sitwasyon na nag-aaway ang kapitbahay, ang buong pamayanan ay nagiging mapang-usisa sa nangyayari kahit pa subukan mong magsawalang-kibo. Kapag nilagay mo pa iyon sa telebi-syon? Lalong darami ang audience."





Nilinaw din ni Chay Hofileña, propesor ng Komunikasyon ng Ateneo de Manila, na walang kinalaman ang uring panlipu-nan sa ganitong katangian ng tao.

Aniya, "Para kasing ang daming sinasabi ng bawat isa sa atin. At nariyan din ang pagkakaroon ng malawak na mundo ng isang tao. May gusto kang masilip; may gusto kang malaman sa nangyayari sa kapitbahay mo. Naroon iyan [kultura ng tsismis] at walang kinalaman ang social class."

Ito nga marahil ang nirerepresenta ng mga sawsawero at sawsawera na bahagi ng programa. Naroon sila hindi upang tumulong sa pagkakaayos ng magkabi-lang panig, ngunit upang tumunghay nga sa espektakulo at makibahagi sa pagsasa-bong na nagaganap sa loob ng studio. Katulad din nila ang mga manonood na tutok na tutok sa programa upang maki-usyoso sa problemang itinatampok ng palabas. Sa pagtatanghal na ito nga inilalatag para sa lahat, lalo na sa mga taong hindi sangkot o walang kinalaman sa pinag-uusapan, ang bahagi ng buhay ng mga panauhin ng programa.

Ayon kay Hofileña, "Kaya ang nang-yayari parang ang buhay ko ay bukas para sa pag-uusisa ng lahat. Ikukuwento ko sa iyo ang lahat kahit na gaano siya kababaw o kalalim. Ikukuwento ko ito ngayon pero bahala kayong manghusga sa akin. Pero sa simula pa lang, kung sarili mong problema iyon, bakit kailangan mong ibuklat sa lahat, nationwide. Dapat tuloy, iyong lalim ng privacy at ano iyong dapat isapubliko, parang nawawala."

PRIBADO VS. PUBLIKO

Sapagkat salik na ng programa ang paglalahad ng panauhin ng kanyang problema upang mabuksan ang kanyang buhay para sa pagtunghay ng lahat, nababasag ang linyang naghihiwalay sa pribado at publiko.

Ayon pa kay Capili, "Ang mga tao ay wala nang konsepto kung ano ang pampubliko at kung ano ang pribado. Kahit ano na lang ay pwedeng ilabas at pag-usapan sa pampublikong arena. Nagiging usap-ing pampubliko ang mga bagay na dapat, sa palagay ko, ay pampribado

lamang – iyong mga tampuhan, iyong mga maliliit na galit na hindi naman 'major-major'."

Higit pa rito, nagiging usapin din ng espasyo ang ganitong pagsisiwalat ng buhay ng tao sa lipunan. Sa pagpapaliwanag ni Hofileña, walang konspeto ng privacy ang urban poor community dahil na rin sa istruktura ng kanilang tinitirahan. Aniya, "Nagse-sex sila sa gabi, maririnig ng kapitbahay na nasa baba. Binubugbog ang asawa ng lalaki, maririnig dahil walang gate, walang dingding na naghihiwalay. Kaya ang konsepto ng privacy sa mga hindi gaanong may kaya, mas mababa. Kaya okay lang sa kanila na ikuwento ang mga ganito sa mga mas may kaya."

KOMERSALISASYON SA MEDIA

Sa lahat ng ito, ang Face-to-Face ay hindi lamang manipestasyon ng kulturang tsismis, o usaping pribado vs. publiko sapagkat higit sa lahat, sintomas ito ng panibagong konsepto ng entertainment sa ating bansa.

Sa tradisyonal na pagpapakahulugan sa entertainment, ito ay anumang nakaaaliw o nakapagbibigay-saya. Ayon kay Hofileña, ang palabas na Face-to-Face ay maisasailalim sa kategoriya ng entertainment sapagkat may naibibigay itong aliw sa manonood.

"Kung sa pang-araw-araw hirap ka na sa buhay mo, siguro kaaliwaliw na makita iyong problema ng kapitbahay o nang kakilala mo, o ng kahit taong hindi mo kakilala pero may pagkakatulad kang makikita na, o na maintindihan mo yung mga problema nila," wika niya.

Ngunit kaakibat ng entertainment value na dala nito ang sinasabi niyang obhetipikasyon ng tao. Para kay Hofileña, dapat nakikisimpatya ang manonood sa taong may problema. Sa halip, nagkakaroon ng distansya o detachment mula sa pinanonood at nagiging obheto ng katatawanan ang mga panauhin dahil sa nakikitang kababawan ng ilang problema.

Kaugnay din nito, binanggit ni Asis ang kasaysayan ng media bilang "progresibong lakas", mula sa teorya ng public spheres ni Jurgen Habermas. Tumutukoy ang public sphere sa arena para sa pampublikong diskurso.

"Ito [ang media] ay naging lunan o espasyo kung saan ang publiko ay nakikisangkot sa mga usaping ukol sa kanila. Halimbawa, ang mga unang debate sa salon, sa kapihan, na pinag-uusapan ng mga bourgeouisie ay mga isyung pampubliko. At ang sinasabi niya [si Habermas] dito ay noong nagsimula ang mga espasyong pampubliko ay nagkaroon ng radikal na pagbabago," pagsasalaysay ni Asis.

Magkagayon, nawala raw ang pagiging progresibo ng media dahil sa komersyalisasyon nito. Sa halip na pumaksa sa mga usaping panlipunan at politikal, nagkaroon ng "tabloidization" ang media – mga pagtalakay sa mga mababaw ngunit mas kontrobersyal na balita.

"Sa teorya, akala mo mas malaya ang media dahil mas maraming tao ang nakikibahagi, nakikita sa TV, nagsasalita, nagbabangayan, nagdedebate. Pero sa huli, ang tanong, una, ano ang pinag-uusapan naman nila?" tanong ni Asis.

Ang pagbabagong ito sa media ay maiuugnay natin sa pagpapahalaga ng mga networks sa ratings at kikitain.

"Hindi tayo public broadcasting, mas kumikiling tayo sa commercial broadcasting. At ang alam natin sa lohika ng commercial broadcasting ay talagang paggawa ng mga programang nakapag-iimbita, hindi ba? Advertising. Kasi kung titingnan ang free TV, hindi naman iyan cable na babayaran mo ang gusto mong panuorin. Ang prinsipyo niyon sa ekonomiyang politikal, kumikita siya hindi sa direktang pagnuod ng audience kundi sa mas hindi direktang ugnayan pa dahil kumikita sila [mula] sa mga advertisers," sabi ni Asis.

Binigyan pa ng kaukulang pagpapalawig ni Hofilena ang kahalagahan ng ratings sa produksyon ng lokal na telebisyon.

Aniya, "Ang laki ng kailangan mong bayaran sa mga negosyante, para bayaran ang suweldo ng mga artista, at ng mga mang-uulat. Capital-intensive ang telebisyon. At dahil capital-intensive siya, saan kukunin yung pondo? Sa advertisers. Paano mo makukuha ang advertisers? Ipapakita sa advertisers na maraming nanonood ng show. Paano mo ipapakita yun? Sa pamamagitan ratings." Isiniwalat naman ni Asis na mas

KASI INDUSTRIYA DIN ANG KAHIRAPAN. DOON NAKABATAY ANG LAHAT NG VARIETY SHOW, NG PROGRAMANG TV. MAYROON KANG OBHEKTIBONG KONDISYON SA PAGPAPALAGO AT PAGLIKHA NG MATATAG NA SUPLAY NG MGA KWENTONG ITO. SA TEORYA, HINDI MAHIRAP HUMANAP NG ISANG TAO NA MAY MALUNGKOT NA KWENTO SA ISANG SISTEMANG TULAD NATIN

-JONNABELLE ASIS

tinatangkilik ng mga nakaririwasa, iyong mga nasa Class A at B, ang cable network sa halip na lokal na telebisyon kaya nasa masa, o ang mga kabilang sa Class C, D, at E, ang pinagbubuhusan ng pansin ng mga network sa bansa. Kaakibat nito ang pagbuo ng mga programang may tatak na "pangmasa" na ang tunguhin ay palawakin ang audience share ng isang istasyon ng telebisyon. "Sa kaso ng TV5 kasi ang layon nila ay maging malakas na ikatlong pwesto, at hindi naman talaga mahigitan ang dalawa [GMA at ABS-CBN]," pagpapaliwanag ni Asis.

Iginiit ni Asis na nakalamang ang TV5 sa dalawang katunggaling network dahil sa Face-to-Face na bago sa panlasa ng lokal na manunuod. "Itong Face-to-Face, ito ang pumupuno sa puwang. Ang gusto nila [mga manunuod] ay mga bagong format na hindi ginagawa ng ABS-CBN at GMA," aniya. Sa Face-to-Face pinagmumukhang lehitimo ang panggagamit sa buhay ng mga mahihirap sa bihis ng pagtulong sa kanila sa katauhan ng Trio Tagapayo.

Ayon kay Capili, "Ito [Face-to-Face] nilagyan nila ng dimensyong moral. Kailangan kang maglagay ng pari, ng psychologist, ng akademikong indibidwal, o ng taong relihiyoso na may kapangyarihang moral na magpataw ng paghuhusga sa mga bagay-bagay na may dimensyong akademiko o moral, sa kaparaanang katanggap-tanggap – para magkaroon ng kabuluhan lahat ng mga naunang negatibong pahayag." M

PAKIKILAHOK BILANG PAGPAPALALIM NG PAG-IISIP

ni Rob Roque
kuha at lapat ni Jake Dolosa

Sa isang mahalagang pagtitipon ng mga pamantasan at iba pang institusyong pananaliksik na nakikibahagi, itinatag o pinapatakbo ng Kapisanan ni Hesus sa Lungsod ng Mexico noong Abril 23, 2010, nagbigay ng isang mahalagang talumpati si Padre Adolfo Nicolas, S.J., ang pinuno ng Kapisanan, tungkol sa mga bagong hamon ng globalisasyon sa edukasyon sa konteksto ng misyon ng mga Heswita. Ito ang pangunahing laman ng talumpati ni Padre Bienvenido Nebres, S.J., pangulo ng Pamantasang Ateneo de Manila, noong nakaraang Faculty Day. Isinalaysay niya ang mga nagagawa ng Ateneo upang tugunan ang mga hamong tinalakay ni Padre Nicolas. Bilang bahagi ng pagtugon din sa mga hamong ito, pinili ng Sanggunian ng mga Mag-aaral ng mga Paaralang Loyola ng Ateneo de Manila na simulang talakayin ito, lalo na ang pagpapalaganap ng malalim na pag-iisip, upang makahanap ng mga posibleng mungkahi, proyekto at polisiya na maaaring mapagtuunan nito ng pansin sa isang higit na malayong pagtanaw sa hinahanarap.

Sa talakayan, naipaliwanag na sa malalim na pag-intindi sa realidad, makakamit ang isang personal na pagbabagong tungo sa paghubog ng mga mag-aaral na magiging "Men and Women for Others". Kaakibat nito ang masipag na pag-iisip at pagtatanong na maaaring nahahadlangan na ng bilis sa pangangalap ng impormasyon. Maaari kasing maging hadlang sa malalim na pag-unawa sa realidad ang pagpasok ng napakaraming pananaw tulad ng relatibismo, sekularlismo at materialismo na dulot ng globalisasyon. Sa pagsusuring gagawin ng Sanggunian, sisikapin sagutin ang tanong na ito: "Nakakatulong ba ang Ateneo sa pagpapalalim ng pag-iisip ng mga mag-aaral nito?"

Nais kong bigyan ng pansin ang isang paraan na maaaring gawin ng mga kapwa ko mag-aaral upang makatulong sa mismong layunin ng tinatanggap nating edukasyon: Pakikilahok. Hindi bago ang mungkahing ito. Sa kahit anong pagkakataon upang matuto, matuto lamang sa abot ng pagiging bukas ng siyang nagnanais matuto. Sa pakikilahok lamang tunay na nagkakaroon ng katuturan ang pag-aaral at pag-iisip. Maraming imbitasyon sa pamantasan upang makilahok at iyan ang nais kong linawin.

Ang una at pinakamahalagang pakikilahok ay ang pagiging mag-aaral. Ang isang Atenista ay matatawag lamang na gayon kung siya ay nag-aaral – pumapasok sa kanyang mga klase, nagsusumite ng mga takda at nakatatanggap ng sapat na grado. Masasabing hindi ito problema ng karaniwang Atenista. Natuklasan sa pananaliksik na ginagawa ng bagong administrayon ng Loyola Schools na tumataas na ang bilang ng mga mag-aaral na nagiging bahagi ng "Dean's List". Parami nang parami ang mga nagtatapos sa Ateneo na may mga salitang Latin na nakakabit sa pagtatapos. Karaniwang karanasan na ng mag-aaral ang pagod kapag dumarating ang mga "hell week". Malinaw na pinapahalagahan ng mga mag-aaral ang kanilang pag-aaral. Sa kabila nito, bukas pa rin na tanong kung ang pagtaas ng mga grado at maaaring pati ang pagtaas ng pagpapahalaga ng mga mag-aaral sa kanilang pag-aaral ay nakatutulong o nakasasagabal sa pagpapalalim ng pag-iisip.

Mahirap sagutin ang tanong na ito ngunit nais kong bigyan ng pansin ang isang maaaring problema kung nauuwi lamang sa grado ang usapin. Sa aking karanasan bilang kinatawan ng Sanggunian sa komiteng pandisiplina ng Loyola Schools kung saan tinatalakay ang mga kaso ng mga mag-aaral na lumalabag sa mga patakaran ng pamantasan, madalas kong nagugunita na ang tila pangunahing dahilan ng pandaraya at plagiarism ay ang pagkabulag na magkatumbas ang grado at pagkatuto. Ang maaaring malimot sa tahasang pagbibigay halaga sa grado kaysa sa iba pang bahagi ng karanasan ng pag-aaral ay ang paghadlang sa pangunahing hangarin nito.

Ipinagmamalaki ng pamantasan ang klase ng paghubog na ibinibigay nito sa mga mag-aaral. Mula sa aking mismong karanasan, pinakamatingkad dito ang pagkakaroon ng mga pagkakataon upang matuto sa labas ng silid-aralan. Sa katunayan, ang ilan sa mga pinakamalalim na natutunan ng isang Atenista ay mula sa mga imbitasyong ito na tumayo sa kanyang upuan, isarado ang kanyang mga libro, lumabas sa kanyang silid-aralan, at harapin ang higit na malawak na mundong kanyang ginagalawan. Ito ang klase ng pakikilahok na, para sa akin, walang dudang nagpapalalim sa pag-iisip ng mga mag-aaral sapagkat lalo nilang kaharap na mismo ang realidad.

Bilang isang pamahalaan ng mga mag-aaral, isa sa mga itinataguyod na uri ng pakikilahok ng Sanggunian na madalas nakalilimutan o hindi pinapansin ng mga mag-aaral: pakikilahok sa pagpapatakbo ng pamantasan. Sa isang pulong na aking dinaluhan sa Thailand na pinagusapan ang pakikibahagi ng mga mag-aaral sa pamamahala ng kanilang pamantasan, madaling napansin na kung



ikukumpara sa iba pang mga bansa sa Timog Silangang Asya, ang mga pamantasan sa Filipinas, lalo na ang Ateneo, ay may malawak na pagtitiwalang binibigay sa mga mag-aaral nito sa pakikilahok sa pagpapatakbo ng pamantasan. Isa sa mga pinakamahalagang karapatan at responsibilidad ng mga mag-aaral, sa pamamagitan ng kanilang mga kinatawan sa Sanggunian, ay ang pakikibahagi sa iba-ibang mga proseso ng pamantasan. Kabilang dito ang pagdulog sa mga kasong pandisplina, pag-aaral kung saan mapupunta ang budyet nito, pag-aaral at pagsang-ayon sa mga pinapanukalang pagbabago sa mga kurso. Sa aking palagay, malawak pa ang posibilidad ng maaaring matutunan ng mga mag-aaral kung higit silang makikilahok sa pamamalakad ng pamantasan. Hindi ito madaling gawin dahil na rin sa iba pang kailangang pagtuunan ng pansin ng mag-aaral at haba ng mga prosesong tatalakyin. Ilan sa mga malalaking pagbabagong naganap sa kasaysayan ng Ateneo ay nagsimula sa pakikilahok ng mga mag-aaral: Filipinization; pagsasaayos ng parking slots; pagtanggal ng Styrofoam sa Paaralang Loyola. Maaring malaki ang kakulangan sa pakikilahok sa pamamalakad sa pamantasan, ngunit malaki rin ang posibilidad ng lalo pang pagpapayaman sa husay ng Ateneo kung makikilahok lamang ang mga mag-aaral. May mga maipapasok sa diskurso at prioridad ng pamantasan ang mga mag-aaral na kalimitan ay maaaring hindi mapagtuunan ng pansin ng iba pang miyembro ng pamayanan ng Ateneo. Ang pinakamahalagang gantimpala ng pakikilahok na ito ay ang mismong pagpapalalim sa pagiisip ng mag-aaral – isang pagtugon sa tawag na hindi lamang ako isang Atenista na tumatanggap ngunit na nagbibigay at nakikisangkot sa pagpapalago ng komunidad na aking kinabibilangan.

Matatandaan na nagsimula ang pakikilahok ng Ateneo sa usapin ng mga magsasaka ng Sumilao sa pagpupursigi ng ilang mga mag-aaral mula sa Development Studies. Nagsimula rin ang Task Force Ondoy na tumulong sa napakraming mga nasalanta sa pagpapatakbo ng mga mag-aaral. Sa mga pagkakataong ito na binibigyan ng imbitasyon ang mga mag-aaral na lumabas sa kanilang mundo ng pag-aaral, kailangan lamang tanggapin ng mag-aaral ang paanyaya upang bumukas ang pinto ng malayang pagpapayaman ng sarili sa harap ng pagtugon sa mas malawak na suliranin ng mundong kanyang kinababahaginan.

Aking naibahagi na sa ilang mga talumpating aking naibigay na ang ating pagiging Atenista, kasabay ng pagiging isang desisyon, ay isang tugon sa tawag ng Ateneo. Pinili natin ang Ateneo kasabay ng pagpili sa atin nito sa libo-libong iba pang nagnanais na makapasok. Para sa akin, tanggapin man natin o hindi, pinili tayo upang tumugon sa tawag ng pakikilahok sa mundo natin ngayon – isang mundong nakukubli ng dilim ng kahirapan, kawalan ng hustisya, kasakiman at karahasan. Ito ang mundong pinaglabanan ni San Ignacio na siyang nagtatag ng Ateneo at siyang pinilit hilumin ni Hesukristo. Ang buod ng pakikilahok na ito ay makikita sa motto ng Ateneo na "Lux in Domino" (Light in the Lord o Liwanag sa Diyos). Ang pagiging liwanag sa Diyos ay nangangahulugan na maging tunay na liwanag – liwanag na hindi lamang kintab na pansarili kung hindi isang pagsinag sa pagkalugmok ng iba sa dilim. Ang klase ng pagiging liwanag na ito ay hindi tulad ng pagiging lampara sa ibabaw ng tore. Tinatawag tayo sa isang higit na malalim na pakikilahok – mga apoy na nag-aalab at nagpapaliyab ng iba pang apoy hanggang sa ang mundo ay masunog at mula sa mga abo mabuo ang malaya at maligayang mundo. Ito ang tawag sa bawat Atenista; ang buod ng pag-aaral, pagkatuto at paglalim ng pagiisip. Sa pagtanggap lamang ng pakikilahok na ito nabibigyan ng katuparan ang mismong pagpapalalim ng pag-iisip.

Aktibista

ni Seraphim
sining ni Carol Yu
lapat ni Dylan Valerio

Ipinako sa krus
O sa kadena'y iginapos
Ito ba'y kabayaran sa pagmumulat
ng kabataan?

Paalam sa ideyal na mundo
Dahil ipinako na tayo
sa mundong totoo

Muning

Hansley Juliano

Habang humahagibis ang huling bus ng gabi
Ay hinahabol niya ang saranggolang nakawala
At sumabit sa poste ng ilaw sa gitna
Ng kalsadang nananahimik sa karimlan
"Resty, kukunin ko, huwag kang aalis ha?"
Nang tawirin niya ang aspaltong kay lamig
Ay biglang dumagundong ang makina ng trak
"Overtime na, kailangang magmadali"
Zzzzzsshk!! Pulang mantsa sa batuhan
"Di, pare, siguradong pusa lang yan."

Balik-aral

ni Ban Marlino

Noon, habang sinusuyo natin ang mga sagot
sa mga pahina ~~ng~~ nitong aklat,
nabasa natin ang isa't isa,
~~imbis~~ agad ~~at tanging~~ nasaulo at nasapuso
~~at natutuhang~~ ang pagkatutong umibig nang totoo. (o todo?)

Ngayon, habang sinusuyo tayo ng mga tanong
sa mga pahina nitong ala-ala (may dash ba?) wala.

~~nalimot~~ nilimot natin ang isa't isa
~~imbis~~ agad nasaulo at nasapuso
ang pagkatutong tumanda at magtanda.

Tenista Nga!

Ni: Trixia Wong



